

## KASUNDUAN SA LISENSIYA NG NORTON

**IMPORTANTE:** PAKIBASA NANG MABUTI ANG MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NG KASUNDUAN SA LISENSIYA NA ITO (“KASUNDUAN SA LISENSIYA”) BAGO GAMITIN ANG SOFTWARE (GAYA NG NAKASAAD SA IBABA). HANDA ANG SYMANTEC CORPORATION AT/O MGA KAANIB NITO NA MGA AWTORISADONG LICENSEE (“SYMANTEC”) NA BIGYAN KA NG LISENSIYA SA SOFTWARE BILANG INDIBIDWAL, ANG KOMPANYA, O LEGAL NA ENTIDAD NA GAGAMIT SA SOFTWARE (TINUKOY SA IBABA BILANG “IKAW” O “IYONG”) KUNG TATANGGAPIN MO ANG LAHAT NG TUNTUNIN NG KASUNDUAN SA LISENSIYA NA ITO. ISA ITONG LEGAL AT IPINAPATUPAD NA KONTRATA SA PAGITAN MO AT NG SYMANTEC. SA PAMAMAGITAN NG PAGBUKAS SA PAKETENG ITO, PAGPUNIT SA SELYO, PAG-CLICK SA BUTTON NA “SUMASANG-AYON AKO” O “OO” O ANUMANG PAGPAPAHIWATIG NG PAGPAYAG SA PARAANG ELEKTRONIKO, O PAG-LOAD SA SOFTWARE O KAYA AY PAGGAMIT SA SOFTWARE, SUMASANG-AYON KA SA MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NG KASUNDUAN SA LISENSIYA NA ITO. KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NA ITO, I-CLICK ANG BUTTON NA “KANSELAHIN” O “HINDI” O “ISARA ANG WINDOW” O KAYA AY MAGPAHIWATIG NG PAGTANGGI, HUWAG NANG GAMITIN ANG SOFTWARE, AT MAKIPAG-UGNAYAN SA (i) IYONG VENDOR O SA SERBISYO SA CUSTOMER NG SYMANTEC GAMIT ANG MGA DETALYE SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA SEKSIYON 7 NG KASUNDUAN SA LISENSIYA NA ITO PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGKUHA NG REFUND NG HALAGANG BINAYARAN MO PARA SA TAGAL NG KASALUKUYANG LISENSIYA (NAKASAAD SA IBABA) (HINDI KASAMA ANG SHIPPING, HANDLING, AT ANUMANG NAAANGKOP NA BUWIS MALIBAN SA ILANG ESTADO AT BANSA KUNG SAAN MAAARING I-REFUND ANG HALAGA NG SHIPPING, HANDLING, AT MGA BUWIS) ANUMANG ORAS SA LOOB NG ANIMNAPUNG (60) ARAW KASUNOD NG PETA SA NG PAGBILI NG TAUNANG SUBSCRIPTION O SA LOOB NG TATLUMPUNG (30) ARAW KASUNOD NG PETA SA NG PAGBILI NG BUWANANG SUBSCRIPTION, O SA (ii) IYONG SERVICE PROVIDER (GAYA NG NAKASAAD SA IBABA) PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGKUHA NG REFUND KUNG NAKUHA MO ANG SOFTWARE MULA SA IYONG SERVICE PROVIDER.

1.

Lisensiya:

Ang software at dokumentasyon, (kabilang ang anumang packaging ng produkto) (ang “Dokumentasyon”), na kasama ng Kasunduan sa Lisensiya na ito (na tinatawag, sa pangkalahatan, bilang “Software”) ay pag-aari ng Symantec o ng mga licensor nito at pinoprotektahan ng batas sa copyright. Bagama’t pag-aari pa rin ng Symantec o ng mga licensor nito ang Software, magkakaroon Ka, sa oras na tanggapin Mo ang Kasunduan sa Lisensiya na ito, ng ilang partikular na karapatan na gamitin ang Software sa Tagal ng Lisensiya (gaya ng nakasaad sa ibaba). Ang lahat ng karapatang hindi hayagang ipinagkaloob sa Iyo ay mananatili sa Symantec at/o sa mga licensor nito. Magsisimula ang “Tagal ng Lisensiya” sa (a) petsa kung kailan mo unang na-install o ginamit ang Software sa isang computer, virtual na environment, mobile, o mobile computing device (isang “Device”), o (b) sa petsa kung kailan mo tinanggap ang Kasunduan sa Lisensiya na ito, o (c) kung binili mo ang Iyong Software sa Norton online store, sa petsa kung kailan Mo nakumpleto ang iyong pagbili, o (d) kung natanggap Mo ang Software bilang bahagi ng alok na maraming produkto, sa petsa kung kailan nakumpleto ang Iyong pagbili sa nabanggit na alok na maraming produkto, o (e) kung nakuha Mo ang mga karapatang gamitin ang Software gaya ng inilalarawan sa Kasunduan sa Lisensiya na ito mula sa isang awtorisadong provider ng Symantec (“Provider”), ang petsa na tutukuyin ng naturang Provider. Tatagal ang Tagal ng Lisensiya hanggang sa panahong nakasaad sa Dokumentasyon o sa umiiral na dokumentasyon ng transaksyon mula sa awtorisadong distributor, reseller, o Provider kung saan Mo nakuha ang Software. Maaaring awtomatikong ma-deaktibo at hindi na gumana ang Software sa pagtatapos ng Tagal ng Lisensiya, at hindi Ka magiging kwalipikadong tumanggap ng anumang update sa tampok o content sa Software maliban na lang kung mare-renew ang Tagal ng Lisensiya. Ang mga subscription para sa mga pag-renew ng Tagal ng Lisensiya ay (i) magagamit alinsunod sa patakaran sa suporta ng Symantec na nakapaskil sa [https://support.norton.com/sp/en/us/home/current/solutions/v74023230\\_EndUserProfile\\_en\\_us](https://support.norton.com/sp/en/us/home/current/solutions/v74023230_EndUserProfile_en_us) o (ii) ibibigay ng Iyong Provider alinsunod sa mga patakaran ng naturang Provider, kung nakuha Mo ang Software mula sa Iyong Provider.

Napapailalim sa Kasunduan sa Lisensiya na ito ang anumang release, rebisyon, o pagpapahusay sa Software na maaaring gawing magagamit ng Symantec sa Iyo. Maliban kung binago sa Dokumentasyon, ito ang Iyong mga karapatan at obligasyon sa ilalim ng Kasunduan sa Lisensiya na ito kaugnay ng paggamit sa Software na

ito.

Sa Tagal ng Lisensiya, magagawa Mong:

A. gumamit ng isang kopya ng Software sa isang Device. Kung mas maraming kopya at/o bilang ng Device ang natukoy sa Dokumentasyon o sa umiiral na dokumentasyon ng transaksyon mula sa awtorisadong distributor, reseller, o Provider kung saan Mo nakuha ang Software, maaari Mong gamitin ang Software alinsunod sa mga naturang detalye;

B. gumawa ng isang kopya ng Software para sa mga layunin sa pag-back up o pag-archive, o kopyahin ang Software sa hard disk ng Iyong Device at panatilihin ang orihinal para sa mga layunin sa pag-back up o pag-archive;

C. gamitin ang Software sa isang network, kung mayroon kang lisensiyadong kopya ng Software para sa bawat Device na nakaka-access sa Software gamit ang network na iyon;

D. permanenteng ilipat ang lahat ng Iyong karapatan sa Software na ibinigay sa ilalim ng Kasunduan sa Lisensiya na ito sa isang tao o entidad, basta't hindi ka magtatabi ng kopya ng Software at sasang-ayon ang paglilipatan sa lahat ng tuntunin ng Kasunduan sa Lisensiya na ito. Upang maiwasan ang pagdududa, kung ang ililipat na Software ay bahagi ng isang alok ng maraming produkto, dapat mong ilipat ang lahat ng karapatan sa lahat ng alok na produkto na kabilang sa naturang Software. Hindi pinahihintulutan ang hindi ganap na paglipat ng Iyong mga karapatan sa ilalim ng Kasunduan sa Lisensiya na ito at anumang pagtatangka ay walang-bisa. Halimbawa, kung binibigyan ka ng Dokumentasyon o ng naaangkop na dokumentasyon ng transaksyon mula sa awtorisadong distributor, reseller, o Provider ng karapatang gumamit ng maraming kopya ng Software, ang paglipat lang ng lahat ng karapatang gamitin ang lahat ng kopya ng Software ang magkakaroon ng bisa. Upang maiwasan ang pagdududa, hindi nalalapat ang mga nabanggit na karapatan sa paglilipat kung nakuha mo ang Software mula sa Iyong Provider; at

E. ginamit ang Software alinsunod sa anumang karagdagang pinahihintulatang paggamit na maaaring nakasaad sa ibaba.

Nakalisensiya ang Software para sa personal na paggamit Mo at hindi para sa anumang komersiyal na layunin. Hindi awtorisado ang pagkuha sa Software para sa komersiyal na layunin.

Hindi ka pinapahintulutan, at hindi mo rin maaaring pahintulutan ang sinuman na:

A. i-sublicense, ipaarkila o paupahan ang anumang bahagi ng Software;

B. i-reverse engineer, i-decompile, i-disassemble, baguhin, isalin-wika, tangkaing tuklasin ang source code ng Software o lumikha ng mga gawa na may binago lang sa Software;

C. magbigay, mag-alok o gawing magagamit ang Software bilang bahagi ng pamamahala sa pasilidad, timesharing, kasunduan sa service provider o service bureau; o

D. gamitin ang Software sa anumang paraan na hindi pinapahintulutan alinsunod sa Kasunduan sa Lisensiya na ito.

Ang Software ay maaaring may kasamang mga third party na tampok at function o maaaring mag-access ng content mula sa isang third party na website. Maaaring mapasailalim ang mga naturang tampok, function o content sa mga tuntunin ng serbisyo at patakaran sa policy ng naturang third party.

## 2. Mga Awtomatikong Pag-update sa Software at Content:

A. Hindi magagamit ang lahat ng release, rebisyon, update, pagpapahusay, o tampok sa lahat ng platform. Magkakaroon ka ng karapatang makatanggap ng mga bagong tampok sa at bersyon ng Software dahil ginawang magagamit ng Symantec, sa pagpapasya nito, ang mga naturang mga tampok at bersyon sa Panahon ng Iyong Lisensiya. Patuloy na nagsisikap ang Symantec na pahusayin ang usability at performance ng mga produkto at serbisyo nito. Upang mai-optimize ang Software, at upang maibigay sa Iyo ang pinakabagong bersyon ng Software, sumasang-ayon Kang maaaring mag-download at mag-install ang Software ng mga bagong update at bersyon ng Software kapag ginawang magagamit ng Symantec ang mga ito ayon sa pagpapasya nito. Sumasang-ayon kang makatanggap at pahintulutan ang Symantec na magpadala ng mga naturang bagong update at bersyon sa Iyong Device. Bilang karagdagan, maaaring baguhin ng Symantec ang mga tuntunin at kondisyon na nalalapat sa paggamit Mo ng Software na sasalamon sa mga naturang update at bersyon at sumasang-ayon Ka sa mga naturang nai-update na tuntunin. Maliban kung hindi ka tuwirang sumasang-ayon sa mga naturang pagbabago, sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng Software pagkatapos magkaroon ng bisa ang mga pagbabago, sumasang-ayon Ka na sumunod sa mga nabagong tuntunin.

B. Ang ilang partikular na Software ay gumagamit ng content na ina-update sa pana-panahon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa sumusunod: antivirus at crimeware software na gumagamit ng mga nai-update na virus definition; antispymware software na gumagamit ng mga nai-update na spyware definition; antispam software na gumagamit ng mga nai-update na antispam rule; content filtering at antiphishing software na gumagamit ng mga nai-update na lista ng URL; ang ilang firewall software ay gumagamit ng mga nai-update na firewall rule; mga produkto sa pagtatasa ng kahinaan na gumagamit ng nai-update na vulnerability data at web site authentication software na gumagamit ng mga nai-update na lista ng mga nai-authenticate na web page; sama-samang tinatawag ang mga pag-update na ito bilang “Mga Update sa Content”. Magkakaroon ka ng karapatang makatanggap ng Mga Update sa Content para sa Software sa Tagal ng Lisensiya.

### 3. Pag-install ng Produkto; Kinakailangang Pagsasaaktibo; Norton Account:

A. Habang ini-install, maaaring mag-uninstall o mag-disable ang Software ng iba pang produktong panseguridad, o mga tampok ng mga naturang produkto, kung ang mga naturang produkto o tampok ay hindi akma sa Software o para sa mga layuning pagpapahusay ng pangkalahatang function ng Software.

B. Maaaring magkaroon ng mga teknolohikal na hakbang sa Software na ito na dinisenyo upang pigilan ang hindi lisensiyado o ilegal na paggamit ng Software. Sumasang-ayon ka na maaaring gamitin ng Symantec ang mga hakbang na ito upang maprotektahan ang Symantec laban sa pamimirata ng Software. Maaaring maglaman ang Software na ito ng pagpapatupad na teknolohiya na naglilimita sa kakayahang mag-install at mag-uninstall ng Software sa isang Device nang higit sa tiyak na bilang ng ulit para sa tiyak na bilang ng mga Device. Ang Kasunduan sa Lisensiya na ito at ang Software na naglalaman ng teknolohiya sa pagpapatupad ay maaaring mangailangan ng pagsasaaktibo gaya ng nakasaad sa Dokumentasyon. Kung ganoon na nga, gagana lang ang Software sa tiyak na haba ng panahon bago Mo isaaktibo ang Software. Sa panahon ng pagsasaaktibo, maaaring kailanganin Mong ibigay ang Iyong natatanging code ng pagsasaaktibo kasama ng configuration ng Software at Device sa anyong alphanumeric code sa pamamagitan ng Internet upang makumpirma ang pagkalahitimo ng Software. Kung hindi Mo matatapos ang pagsasaaktibo sa loob ng tiyak na panahong nakasaad sa Dokumentasyon, o kapag na-prompt ng Software, hihinto sa paggana ang Software hanggang sa matapos ang pagsasaaktibo; kung kailan maibabalik na ang paggana ng Software. Kung hindi Mo maisasaaktibo ang Software sa pamamagitan ng Internet, o sa pamamagitan ng ibang paraang tinukoy sa proseso ng pagsasaaktibo, maaari Kang makipag-ugnayan sa (i) Suporta sa Customer ng Symantec gamit ang impormasyong ibinigay ng Symantec sa panahon ng pagsasaaktibo, o gaya ng nakasaad sa Seksiyon 7 sa ibaba, o (ii) ng Provider mo, o sa entidad na nakasaad sa dokumentasyong ibinigay sa Iyo ng Provider mo, kung nakuha Mo ang Software mula sa Iyong Provider.

C. Norton Account. Maaaring kailanganin ang isang pangkasalukuyang Symantec Norton Account (“Norton Account”) para ma-access at magamit ang Software. Sa naturang sitwasyon, kung wala kang Norton Account, dapat Mong tapusin ang umiiral na proseso ng pagpaparehistro upang makalikha ng isang Norton Account para magamit ang Software. Maaaring hindi kailanganin ang isang Norton Account kung nakuha Mo ang mga karapatang gamitin ang Software mula sa isang Provider na hinihinging magkaroon ka ng ibang user account (“Provider Account”) para ma-access at magamit ang Software. Mangyaring sumangguni sa naaangkop na dokumentasyon ng transaksyon sa Iyong Provider upang malaman kung kailangan ng Norton Account o Provider Account para ma-access at magamit ang Software. Ikaw ang tanging may responsibilidad para sa pagpapanatili sa pagkalihim ng Iyong Norton Account o Provider Account password. Dagdag pa, kung ililipat mo ang lahat ng karapatan mo sa Software sa bisa ng Kasunduang ito, dapat Mo rin bitiwang access mo sa, o pamamahala sa, license key ng inilipat na Software mula sa Iyong Norton Account. Makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer ng Symantec o bisitahin ang page ng Suporta ng Symantec na nakasaad sa ibaba.

### 4. Panagutan sa Mga Customer ng Negosyo:

Kung isa kang Mamimili, hindi nalalapat sa Iyo ang mga sumusunod na probisyon ng Seksiyon 4 na ito maliban sa abot na sa ilalim ng mga batas na umiiral sa Iyong hurisdiksiyon, nalalapat ang ilang partikular na probisyon ng mamimili sa paggamit Mo ng Software kahit na ang naturang paggamit ay para sa mga layuning pangnegosyo, kalakal o propesyunal. Pakibasa na lang ang Seksiyon 5.

Kung isa Kang customer ng negosyo (hal, ginagamit Mo ang Software sa negosyo, kalakal o propesyon (isang “Customer ng Negosyo”)), nalalapat sa Iyo ang mga sumusunod na probisyon sa Seksiyon 4 na ito (tinanggap Mo man o hindi ang Software).

A. SA ABOT NG PINAHIHINTULUTAN NG UMIIRAL NA BATAS, HINDI MANANAGOT ANG SYMANTEC O MGA LICENSOR NITO SA IYO (SA PAGPAPABAYA, SA KONTRATA O KUNG HINDI MAN) PARA SA MGA NAWALANG TUBO, KINITA, KONTRATA NG NEGOSYO, INAASAHANG MATITIPID O PAGKAWALA O NASIRANG DATA NA MAGBUBUHAT SA PAGGAMIT O KAWALAN NG KAKAYAHANG GAMITIN ANG SOFTWARE O PARA SA ANUMANG ESPESYAL, KINAHINATNAN, DI-TUWIRAN O KATULAD NA PINSALA, KAHIT NA INABISUHAN ANG SYMANTEC TUNGKOL SA POSIBILIDAD NG MGA NATURANG PINSALA.

B. SA ABOT NG PINAHIHINTULUTAN NG UMIIRAL NA BATAS, HINDI LALAMPAS ANG PANANAGUTAN NG SYMANTEC O NG MGA LICENSOR NITO SA PRESYO NG PAGBILI NA BINAYARAN MO PARA SA NAAANGKOP NA PANAHOON NG SERBISYO.

C. Pananagutan Ka ng Symantec nang walang limitasyon kung (a) mamamatay o mapipinsala Ka dahil sa kapabayaang ng Symantec o (b) kung makakaraan Ka ng pagkalugi o pinsala dahil sa panlilinlang ng Symantec.

#### 5. Pananagutan sa Mga Mamimili:

Kung isa Kang Mamimili, nalalapat ang Seksyon 5 na ito sa Iyo. Pakibasa ito nang mabuti. Hindi nalalapat ang Seksyon 4 sa Iyo kung isa Kang Customer ng Negosyo. Pananagutan Ka ng Symantec nang walang limitasyon kung (a) mamamatay o mapipinsala Ka dahil sa kapabayaang ng Symantec o (b) kung makakaraan Ka ng pagkalugi o pinsala dahil sa panlilinlang ng Symantec.

A. Napapailalim sa mga naunang probisyon ng Seksyon 5 na ito, walang pananagutan ang Symantec sa pagbabayad sa Iyo para sa anumang pagkawala na hindi makatarungang nakikitang kahihinatnan ng paglabag ng Symantec sa Kasunduan sa Lisensiya na ito. Bilang isang Mamimili, ang paggamit mo sa Software ay hindi pangkomersiyal. Samakatuwid, hindi mananagot ang Symantec sa Iyo para sa anumang pagkawala ng ganansiya, kita, inaasahang matitipid, mga kontrata, o oras na magmumula sa Iyong paggamit o kawalang-kakayahang magamit ang Software na nagresulta sa isang malaking pagpalya.

B. Obligasyon Mong magsagawa ng mga makatuwirang hakbang upang mabawasan ang Iyong pagkalugi sa lahat ng pagkakataon.

#### 6. Regulasyon sa Pag-export:

Tinatanggap mo na ang Software at nauugnay na teknikal na data at mga serbisyo (pinag-isang "Kontroladong Teknolohiya") ay maaaring mapailalim sa mga batas ng pag-import at pag-export ng Estados Unidos, partikular na sa U.S. Export Administration Regulations (EAR), at sa mga batas ng anumang bansa kung saan ang ini-import o muling ine-export ang Kontroladong Teknolohiya. Sumasang-ayon kang sumunod sa lahat ng nauugnay na batas at hindi mag-e-export ng anumang Kontroladong Teknolohiya na salungat sa batas ng U.S. law at sa anumang pinagbabawal na bansa, entidad o tao kung saan kakailanganin ang lisensiya sa pag-export o iba pang mga pag-apruba ng pamahalaan. Ipinagbabawal ang pag-export at muling pag-export sa lahat ng produkto ng Symantec sa Cuba, North Korea, Iran, Syria at Sudan at sa anumang bansang napapailalim sa mga nauugnay na parusa sa pagkalakal, kabilang ang Afghanistan at Iraq. **ANG PAGGAMIT O PAGBIBIGAY-DAAN SA PAGGAMIT NG PRODUKTO NG SYMANTEC KAUGNAY NG ANUMANG AKTIBIDAD KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA, PAGDIDISENYO, PAGBUO, PAG-FABRICATE, PAGESANAY, O PAGESUSURI NG MGA KEMIKAL, BIOLOGICAL, O NUCLEAR NA MATERYAL, O MGA MISSILE, DRONE, O MGA SPACE LAUNCH VEHICLE NA KAYANG MAGHATID NG MGA ARMAS PARA SA MALAWAKANG PAGESIRA AY IPINAGBABAWAL ALINSUNOD SA BATAS NG U.S.**

#### 7. Pangkalahatan:

A. Namamahalang Batas.

Ang Kasunduan sa Lisensiya na ito ay mapapailalim sa mga batas ng England at Wales. Walang anuman sa Kasunduan sa Lisensiya na ito ang magtatanggal ng anumang karapatang mayroon Ka sa bisa ng umiiral na batas sa pagprotekta ng mamimili o iba pang mga naaangkop na batas sa Iyong hurisdiksiyon na maaaring talikdan ng kontrata.

#### B. Buong Kasunduan.

Ang Kasunduan sa Lisensiya na ito ang buong kasunduan sa pagitan Mo at ng Symantec kaugnay ng Software at: (i) mangingibabaw ito sa lahat ng nauna o mga sumunod na binigkas o nasusulat na pag-uusap, panukala at representasyong kaugnay ng paksang ito; at (ii) mananaig ito sa anumang magkasalungat o karagdagang tuntunin ng anumang binigkas, kautusan, pagkilala o katulad na pag-uusap sa pagitan ng mga partido. Anupaman ang nabanggit, walang anuman sa Kasunduan sa Lisensiya na ito ang magtatanggal ng anumang karapatang mayroon Ka sa bisa ng umiiral na batas sa pagprotekta ng mamimili o iba pang mga naaangkop na batas sa Iyong hurisdiksiyon na maaaring talikdan ng kontrata. Maaaring i-terminate ng Symantec ang Kasunduan sa Lisensiya na ito kung lalabag Ka sa anumang tuntunin na nasa Kasunduan sa Lisensiya na ito (maliban sa maliit o walang-kahihinatnang paglabag) at, kung nangyari ang nasabing pag-terminate, dapat Mong ihinto ang paggamit ng at sirain lahat ng kopya ng Software at Dokumentasyon. Ang mga paunawa sa mga warranty at pinsala at limitasyon sa pananagutan ay mananatili at malalapat pa rin pagkatapos ng pag-terminate.

Kung mayroon Kang anumang tanong tungkol sa Kasunduan sa Lisensiya na ito, o kung gusto Mong makipag-ugnayan sa Symantec para sa anumang dahilan, mangyaring sumulat sa Symantec Customer Support, PO Box 5689, Dublin 15, Ireland o bisitahin ang page ng Suporta ng Symantec sa [www.symantec.com](http://www.symantec.com).

**MGA KARAGDAGANG TUNTUNIN AT KONDISYON.** Ang paggamit mo ng Software ay napapailalim sa mga tuntunin at kondisyon sa ibaba bilang dagdag sa mga nakasaad sa itaas.

#### 8. Privacy; Pagprotekta ng Data:

**Kung naka-preinstall ang Software sa Device Mo, mailalapat sa Iyo ang mga sumusunod na item na naka-bold:**

**Sa unang pag-setup sa Iyong Device at sa sandaling magsimulang gumana ang produkto ng Norton, kokolekta mula sa iyo ang Symantec (tingnan ang mga detalye ng contact sa ibaba) at produkto mong Norton ang mga sumusunod na data:**

- **Impormasyon ng Subscriber na mula sa Iyo;**
- **Hardware, system, application at data ng koneksiyon sa network na nakolekta mula sa Device Mo, kabilang ang impormasyon ng status sa pag-install at paggana ng Norton software;**
- **Data tungkol sa Device at paggamit sa internet;**
- **Anumang impormasyon sa kontrol ng magulang at mga settings na maaaring i-configure mo kung ang mga naturang function ay magagamit sa produktong Norton.**

**Kinakailangan at hindi maaaring wala ang pagkolekta sa mga kategorya ng data na ito (a) para ihanda ang pagtatapos ng kontrata sa pagitan mo at ng Symantec, at (b) para sa wastong paggana ng Norton Software na naka-preinstall sa device mo. Ililipat ang data mo sa mga entidad ng Symantec at mga supplier ng Symantec na may kinalaman sa pagbibigay ng end-user license key at paghatid sa Software. Sasailalim sa mga umiiral na kinakailangan at, kung kakailanganin, pagtutuwid at pagbura sa mga hiling na Iyong isinumite, ang nakolektang data ay mananatili sa Symantec hangga't kinakailangan para sa pagtatapos at pagtupad sa nasabing ugnayan sa kontrata. Maaari kang makipag-ugnayan anumang oras sa Symantec para humiling ng access sa, pagtutuwid o pagbura sa Iyong personal na data, pati na kung magagamit, makuha ang pagbabawal sa pagproseso dito, tumutol sa karagdagang pagproseso o makuha ang pagkamabibitbit nito. Gaya ng ipinabatid sa seksiyon na "Privacy; Pagprotekta ng Data" ng Kasunduan na ito, tinitiyak ng Symantec sa pamamagitan ng paraang legal na iniaatas at awtorisado ng**

kontrata at mga napapatupad na pananagutan ng kompanya na ang data Mo ay sapat na binabantayan sa tuwing inililipat ito sa mga bansa o teritoryo na may mga batas sa pagprotekta ng data na hindi kasinghigpit ng mga batas sa iyong bansa o teritoryo. Sakaling hindi ka masiyahan sa paghawak ng Symantec sa personal na data mo, maaari kang maghain ng reklamo sa Symantec o, sa mga European Union member states, sa isang angkop na awtoridad sa pag-supervise. Makakakita ka ng higit pang detalye tungkol sa mga karapatang ito at sa mga kasanayan sa pagprotekta ng data ng Symantec sa aming Privacy Portal (<https://www.symantec.com/privacy>) na maa-access Mo anumang oras mula sa anumang Device na nakakonekta sa internet.

Para sa mga layunin ng seksiyon na ito, ang mga patungkol sa Symantec ay dapat na maunawaan bilang ang sumusunod:

- Para sa mga user na nasa mga Amerika, Symantec Corporation, 350 Ellis Street, P.O. Box 7011 Mountain View, CA 94043 U.S.A., telepono: +1 650 527 8000, email: [privacyteam@symantec.com](mailto:privacyteam@symantec.com);
- Para sa mga For user na nasa rehiyon na Europe-Middle-East-Africa, kabilang ang mga EU/EEA Member State: Symantec Limited, Ballycoolin Business Park, Blanchardstown, Dublin 15, Ireland, telepono: +353 1 803 5400, email: [privacyteam@symantec.com](mailto:privacyteam@symantec.com) (EU Data Protection Officer: Heward Mills, Fitzwilliam Hall, Fitzwilliam Place, Dublin 2, [DPO@symantec.com](mailto:DPO@symantec.com));
- Para sa mga user na nasa rehiyong Asia-Pacific-Japan, Symantec Singapore PTE Limited, 6 Temasek Boulevard, #21-01, Suntec Tower 4, telepono: Singapore-038986, email: [APJ\\_Privacy@symantec.com](mailto:APJ_Privacy@symantec.com).

Nalalapat ang mga sumusunod na tuntunin sa lahat ng user:

Depende sa mga setting ng kumpigurasyon at mga gusto mo, at depende sa mga nadetektang kaganapang pangseguridad at peligro, maaaring kolektahin ng Software at mga server namin mula sa Device kung saan tumatakbo ang mga ito ang ilang impormasyon, posibleng kasama ng personal na data, gaya ng:

- Bilang bahagi ng Norton Community Watch, impormasyon ng device at produkto, paggamit sa internet kaugnay ng malware at mga posibleng mapanlinlang na site, at mga proseso at application na tumatakbo sa panahong may naharap na peligro sa seguridad. Hindi dinisenyo ni nilayon ang pagkolekta ng data na ito na kolektahin ang personal na data Mo. Hindi ipoproseso ng Symantec ang alinman sa data na ito sa paraan o sa layunin na nagnanais na matukoy o kaugnay ng sadyang pagtukoy sa Iyo, pagtasa sa mga personal na katangian tungkol sa Iyo, pag-profile sa Iyo o gumawa ng anumang pagtutukoy sa anyong personal na kaugnay sa Iyo. Gagawa ang Symantec ng mga makatuwirang teknikal na hakbang para gawing hindi pinangalanan o ibasura ang alinman sa Iyong personal na data na maaaring makolekta para sa layunin ng Norton Community Watch. Kailangan ang data na ito para mabisang matukoy ang mga peligro sa seguridad sa o para sa Iyong Device at, sa pamamagitan ng pagsasama-sama sa data ng Norton community, makabigay ng importanteng impormasyon sa pagpapababa sa mga naturang banta sa seguridad at pagpapahusay sa seguridad ng user at function ng produkto, maging ang pagmanman sa bisa ng mga partikular na gawain ng Norton at mga setting sa Iyong Device. Nauunawaan at tinatanggap Mo na kung i-disable Mo ang pagkolekta ng data para sa layunin ng Norton Community Watch sa pamamagitan ng pagbago sa mga default na setting ng Iyong Device, maaaring nababawasan Mo ang kakayahan ng Symantec na mabisang matukoy at mapababa ang mga peligro sa seguridad, at maaaring maapektuhan ang proteksyon Mo at ng Iyong Device mula sa mga naturang peligro.
- Impormasyong mula sa telemetry sa mga potensiyal na panganib sa seguridad gayundin ang mga URL at Internet Protocol (IP) address ng mga website na binisita na ipinapalagay ng Software na posibleng mapanlinlang. Habang walang taglay na personal na data ang mga IP address na iyon nang likas sa mga ito, may ilang URL na maaaring naglalaman ng personal na data na tinatangkang kunin ng posibleng mapanlinlang na website nang walang pahintulot mo. Kinokolekta ng Symantec ang impormasyong mula sa telemetry para sa layunin ng paghahatid ng mga function ng Software, kabilang ang pagprotekta sa

iyong mula sa naturang pagkolekta ng personal na data, at para rin sa pagsusuri at pagpapahusay ng kakayahan ng mga produkto ng Symantec na matukoy ang hindi kanais-nais na pagkilos, mga posibleng mapanlinlang na website at iba pang mga panganib sa seguridad sa Internet.

- Kung naka-enable ang tampok sa Ligtas na Web o Ligtas na Paghahanap ng Norton, ang mga URL at Internet Protocol (IP) address ng mga binibisitang website maging ang mga keyword sa paghahanap at mga resulta ng paghahanap. Kinokolekta ng Symantec ang impormasyong mula sa basa ng mga instrumento para sa layunin ng pagbibigay ng proteksyon at pagsusuri at pagpapayo sa Iyong kaugnay ng mga posibleng banta at panganib na maaaring kaugnay ng isang partikular na Web site bago tingnan ito.
- Mga nae-execute na file at mga file na naglalaman ng nae-execute na content (hal. Mga dokumentong naglalaman ng mga macros) na natukoy bilang posibleng malware, kabilang ang impormasyon sa mga pagkilos na isinagawa ng mga naturang file sa panahong ini-install. Isinusumite ang mga file na ito sa Symantec gamit ang function ng pagsumite ng Software. Maaaring i-deaktibo ang naturang function ng pagsumite pagkatapos ng pag-install sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa Dokumentasyon para sa mga naaangkop na produkto. Maaaring naglalaman ang mga nakolektang file ng personal na data, partikular na ng impormasyong ukol sa Iyong nakuha ng malware nang walang pahintulot Mo. Ang mga ganitong uri ng file ay kinokolekta ng Symantec tanging para sa layunin ng pagpapahusay sa abilidad ng mga produkto ng Symantec na madetekta ang mga uri ng mapanirang kilos na ginagawa ng mga naturang malware, at nagbibigay sa Iyong at iba pang user ng mas mataas na proteksyon laban sa mga katulad na banta sa hinaharap.
- Ang pangalan na ibinigay sa Device sa paunang pag-set up ng naturang Device. Kung nakolekta, gagamitin ng Symantec ang pangalan bilang isang account name para sa Device kung saan mapipili mong makakatanggap ng mga karagdagang serbisyo at/o kung saan maaari mong gamitin ang ilang mga tampok ng Software. Maaari mong baguhin ang naturang account name sa anumang oras pagkatapos ng pag-install ng Software at inirerekomendang gawin mo ito.
- Impormasyon ng status ukol sa pag-install at paggamit sa Software. Ipinabatid ng impormasyon na ito sa Symantec kung matagumpay na natapos ang pag-install ng Software pati na kung nagkaroon ng error ang Software. Maaari lang maglaman ang impormasyon ng status ng personal na impormasyong kung ang naturang impormasyon ay kasama sa pangalan ng file o folder na nakita ng Software sa panahon ng pag-install o nang nagkaroon ng error. Kinokolekta ng Symantec ang impormasyon ng status para sa layunin ng pagsusuri at pagpapahusay ng performance ng produkto at success rate ng pag-install ng Symantec.
- Impormasyong nasa mga email message na ipinadala Mo sa Symantec sa pamamagitan ng Software upang maiulat bilang spam o bilang maling pagkakatukey bilang spam. Ang metadata at content ng mga naturang email message ay malamang na naglalaman ng personal na data gaya ng email address ng tatanggap, at ipapadala lang sa Symantec nang may pahintulot Mo, at hindi kailanman awtomatikong ipapadala. Kung nagpadala ka ng mga naturang mensahe sa Symantec, gagamitin lang ng Symantec ang mga ito para sa layunin ng pagpapahusay ng kakayahan sa pagtukoy ng Symantec kontra sa spam. Hindi iuugnay o itutugma ng Symantec ang mga file na ito sa anumang personal na data.
- Ang impormasyong mula sa basa ng instrumento sa isang ulat na maaaring pinili mong ipadala sa Symantec pamamagitan ng Software kapag nagkaroon ng problema ang Software. Taglay ng ulat ang impormasyon ukol sa status ng kapwa Software at Iyong Device sa pagkakataong nagkaroon ng problema ang Software. Maaaring kasama sa impormasyong ng status tungkol sa Iyong Device ang wika ng system, lokasyon sa bansa at bersyon ng operating system para sa Iyong Device, gayundin ang mga prosesong tumatakbo, status at impormasyon ng paggana ng mga ito, at data mula sa mga file o folder na nabuksan sa panahong nagkaproblema ang Software. Maaaring maglaman ang impormasyon ng personal na data kung ang naturang impormasyon ay kasama sa, o bahagi ng pangalan ng mga file o folder na nabuksan nang nagkaproblema ang Software. Ipadala lang sa Symantec ang impormasyong ito kung papahintulutan Mo, at hindi kailanman ipapadala nang awtomatiko. Kinokolekta ng Symantec ang impormasyon para sa layunin ng pagtatama sa naging problema at pagpapahusay ng performance ng produkto ng Symantec. Hindi iuugnay o itutugma ang impormasyon na ito sa anumang personal na

data.

- Ang Internet Protocol (IP) address at kaugnay na impormasyong heograpikal at/o Media Access Control (MAC) address at Machine ID ng Device kung saan pinatatakbo ang Software. Kinokolekta at pinoproseso lang ang impormasyon na ito para sa layunin na pagbibigay-daan sa Software na gumana nang wasto alinsunod sa mga umiiral na regulasyong lokal, gayundin para sa mga lehitimong layunin ng Symantec sa pamamahala sa lisensiya.
- Sa isang mobile Device: impormasyon na kaugnay sa lokasyon ng lyong Device kung naka-enable ang function na kontra pagnanakaw. Mga larawan na nakunan ng camera ng Device kung magagamit at naka-enable. Ang Universally Unique Identifier (UUID) na ginawa bilang pantukoy sa lyong Device para bigyang-kakayahan ang Software at Mga Serbisyo na gumana, at para sa mga layuning paglalapat ng lisensiya.
- Sa isang mobile Device: ang International Mobile Equipment Identity (IMEI) ay pinoproseso para bumuo ng hash na magtitiyak na walang pagkakakilanlan. Ginagamit ang hash para analisahin at pagsama-samahin ang data ng kagamitan para sa mga layuning pang-istatistika. Hindi kinokolekta o iniimbak ng Symantec ang IMEI. Minamanmanan din ng Software ang mga pagbabago sa International Mobile Subscriber Identity (IMSI), upang maituloy ang probisyon ng serbisyo kahit na magpalit ng SIM card ang mga user. Hindi kinokolekta o iniimbak ng Symantec ang IMSI. Ginagamit ang impormasyon sa itaas para sa layuning pagkilala sa telecommunications Device na kwalipikadong makatanggap ng mga Update sa Content para sa Software at Mga Serbisyo. Iugnay ang impormasyon na ito sa anumang iba pang impormasyon na nakatutukoy sa pagkakakilanlan, gaya ng impormasyon ng lyong account. Pagkaraang matapos ang serbisyo, mananatili ang data sa anyong pang-istatistika na eksklusibo para sa internal na pananaliksik. Maaaring ibahagi ng Symantec ang data na ito sa mga third party na contractor at/o mga data processor kung kailangan para sa layuning pamamahala sa account.
- Sa isang mobile Device: ang WiFi Media Access Control (MAC) address ng Device kung saan naka-install ang Software para bigyang-kakayahan ang Software na gumana at para sa mga layuning paglapat ng lisensiya.
- Iba pang pangkalahatan, at impormasyong pang-istatistika tungkol sa paggana ng Software. Ang naturang pangkalahatan, at pang-istatistikang impormasyon ay hindi tumutukoy sa pagkakakilanlan, at hindi ginagamit ng Symantec para ikaw ay tukuyin, at ipoproseso nang may kasamang iba pa para sa layunin ng pag-analisa sa produkto at pagpapahusay sa paggana ng produkto.

Alinsunod sa mga setting ng kumpigurasyon mo at mga pinili kung saan magagamit, kinokolekta ang impormasyon na inilarawan sa itaas sa abot at katumbas ng pangangailangan para sa mga layunin ng paghahatid, pagmementina, pagmamanman, at patuloy na pagpapahusay sa function ng Software na saklaw ng Kasunduang ito.

Maaaring ilipat ang impormasyon sa Symantec group sa Estados Unidos o sa iba pang bansang may mga batas sa pagprotekta ng data na hindi kasinghigpit ng mga batas sa lyong rehiyon (kabilang ang European Union), at maaari itong i-access ng mga empleyado o contractor ng Symantec para sa eksklusibong paggamit alinsunod sa mga layuning nakasaad sa itaas. Para sa mga parehong layunin, maaaring ibahagi ang impormasyon sa mga kasosyo at vendor na nagpoproseso ng impormasyon sa ngalan ng Symantec. Isinagawa ng Symantec ang mga kinakailangang hakbang na legal, teknikal at organisasyonal para matiyak na ang nakolektang impormasyon, kung ililipat sa ibang bansa at/o sa mga third-party, ay makatatanggap ng sapat na antas ng proteksyon sa lahat ng oras.

Alinsunod sa mga umiiral na batas, pinanghahawakan ng Symantec ang karapatan na makipagtulungan sa anumang legal na proseso at anumang ipinatutupad na batas o iba pang layunin sa pamahalaan na nauugnay sa paggamit Mo ng Software na ito. Nangangahulugan ito na maaaring magbigay ang Symantec ng mga dokumento at impormasyon na hiniling ng awtoridad ng batas kasunod ng angkop na wastong proseso ng batas. Upang magsulong ng kaalaman, pagtukoy at pag-iwas sa mga panganib sa seguridad ng Internet,



maaaring magbahagi ang Symantec ng ilang impormasyon sa mga organisasyon ng pananaliksik at iba pang mga security software vendor. Maaari ding gamitin ng Symantec ang mga istatistika mula sa impormasyon upang masubaybayan at mailathala ang mga ulat sa mga nauusong panganib sa seguridad.

Sa paggamit mo sa Software, tinatanggap mo na ang Symantec ay maaring kumolekta, magpadala, mag-imbak, magsiwalat at mag-analisa ng impormasyong binanggit sa Kasunduan na ito para sa mga layuning inilarawan sa Global Privacy Statement ng Symantec at sa Norton Product and Service na makukuha sa <https://www.symantec.com/privacy>.

9. Mga Kinakailangan ng Apple. Kung nai-download ang Software mula sa Apple iTunes App Store (“App Store”), tinatanggap at sinasang-ayunan mo ang mga sumusunod na karagdagang tuntunin: (a) Ang Kasunduan sa Lisensiya na ito ay sa pagitan Mo at ng Symantec lamang, at hindi sa Apple, Inc. (“Apple”) at walang pananagutan ang Apple para sa Application at content nito; (b) ang Iyong paggamit ng Software ay limitado sa paggamit sa isang produktong may tatak na Apple na nagpapatakbo ng iOS operating system na Iyong pag-aari o kontrol ayon sa pahintulot ng Mga Panuntunan sa Paggamit na itinakda sa Tuntunin sa Serbisyo ng App Store; (c) Walang obligasyon ang Apple na magbigay ng anumang pagmementina at mga serbisyong suporta kaugnay ng Software; (d) sa pangyayaring may anumang kabiguan ng Software na umayon sa anumang umiiral na warranty na hindi tinalikdan, (i) Maaari mong abisuhan ang Apple, at ire-refund ng Apple ang presyong ibinayad sa pamamagitan ng App Store para sa Software at (ii) sa abot ng pinapahintulot ng umiiral na batas, walang magiging obligasyon sa warranty ang Apple kaugnay ng Software; (e) hindi pananagutan ng Apple ang anumang paghahabol, kawalan, pananagutan, danyos, gastusin o ginastos kaugnay ng Software o pag-iingat mo rito at/o paggamit sa Software, kabilang na, ngunit hindi limitado sa (i) pananagutan ng produkto o mga inaangking warranty; (ii) anumang paghahabol na nabigong ayunan ng Software sa anumang umiiral na hinihinging legal o regulasyon at (iii) proteksyon ng mamimili o mga katulad na paghahabol; (f) hindi pananagutan ng Apple ang pag-imbetiga, pagtatanggol, pakikipag-areglo pagpapatupad sa anumang paghahabol sa third party na nilabag ng Software o ng pag-iingat at paggamit mo sa Software na nakalalabag sa karapatan sa pag-aaring intelektuwal ng naturang third party; (g) Inihahayag at ginagarantiya mo na (i) Wala ka sa bansa kung saan mayroong embargo ang Gobyerno ng U.S., o naitalaga ng Gobyerno ng U.S. bilang bansa na "sumusuporta sa terorista" at (ii) Ikaw a hindi nakalista sa anumang lista ng Gobyerno ng U.S. ng mga ipinagbabawal na partido; (h) pananagutan mo ang pagsunod sa anumang umiiral na tuntunin ng kasunduan sa third party kapag ginagamit ang Application; at (i) ang Apple at mga subsidiary nito ay mga benepisyaryong third party ng Kasunduan sa Lisensiya na ito, magkakaroon ang Apple ng karapatan na ipatupad ang Kasunduan sa Lisensiya na ito laban sa Iyo.

**KARAGDAGAN SA MGA  
SERBISYO SA  
KASUNDUAN SA  
LISENSIYA NG NORTON**

**MGA TUNTUNIN AT  
KONDISYON PARA SA  
KARAGDAGANG SERBISYO**

**1. ONLINE NA PAG-BACK UP;  
TEKNIKAL NA SUPORTA;  
AWTOMATIKONG PAG-RENEW;  
GARANTIYA SA PAGBABALIK NG  
PERA**

**IMPORTANTE:** PAKIBASA NANG MABUTI ANG MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NG KASUNDUAN SA MGA SERBISYO NA ITO (“KASUNDUAN SA MGA SERBISYO”) BAGO GAMITIN ANG MGA SERBISYO (GAYA NG

NAKASAAD SA IBABA). HANDA ANG SYMANTEC CORPORATION AT MGA KANIB NITO (“SYMANTEC”) NA IBIGAY SA IYO ANG MGA SERBISYO BILANG INDIBIDWAL, ANG KOMPANYA, O LEGAL NA ENTIDAD NA GAGAMIT SA MGA SERBISYO (TINUKOY SA IBABA BILANG “IKAW” O “IYONG”) KUNG TATANGGAPIN MO ANG LAHAT NG TUNTUNIN NG KASUNDUAN SA MGA SERBISYO NA ITO. ISA ITONG LEGAL AT IPINAPATUPAD NA KONTRATA SA PAGITAN MO AT NG SYMANTEC. SA PAMAMAGITAN NG PAGBUKAS SA PAKETENG ITO, PAGPUNIT SA SELYO, PAG-CLICK SA BUTTON NA “SUMASANG-AYON AKO” O “OO” O ANUMANG PAGPAPAHIWATIG NG PAGPAYAG SA PARAANG ELEKTRONIKO, O KAYA AY PAGGAMIT SA MGA SERBISYO, SUMASANG-AYON KA SA MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NG KASUNDUAN SA MGA SERBISYO NA ITO. KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NA ITO, I-CLICK ANG BUTTON NA “KANSELAHIN” O “HINDI” O “ISARA ANG WINDOW” O KAYA AY MAGPAHIWATIG NG PAGTANGGI, HUWAG NANG GAMITIN ANG MGA SERBISYO AT MAKIPAG-UGNAYAN SA (i) IYONG VENDOR O SA SERBISYO SA CUSTOMER NG SYMANTEC GAMIT ANG MGA DETALYE SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA SEKSIYON 12 NG KASUNDUAN SA MGA SERBISYO NA ITO PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGKUHA NG REFUND NG HALAGANG BINAYARAN MO PARA SA TAGAL NG MGA KASALUKUYANG SERBISYO, KUNG MAYROON (NAKASAAD SA IBABA) (HINDI KASAMA ANG SHIPPING, HANDLING, AT ANUMANG NAAANGKOP NA BUWIS MALIBAN SA ILANG ESTADO AT BANSA KUNG SAAN MAAARING I-REFUND ANG HALAGA NG SHIPPING, HANDLING, AT MGA BUWIS) ANUMANG ORAS SA LOOB NG ANIMNAPUNG (60) ARAW KASUNOD NG PETA SA NG PAGBILI NG TAUNANG SUBSCRIPTION O SA LOOB NG TATLUMPUNG (30) ARAW KASUNOD NG PETA SA NG PAGBILI NG BUWANANG SUBSCRIPTION, O SA (ii) IYONG SERVICE PROVIDER (GAYA NG NAKASAAD SA IBABA) PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGKUHA NG REFUND KUNG NAKUHA MO ANG MGA SERBISYO MULA SA IYONG SERVICE PROVIDER.

Sa bisa ng Kasunduan sa Mga Serbisyo na ito, sumasang-ayon ang Symantec na ibigay sa Iyo ang mga sumusunod na serbisyo (“mga Serbisyo”) na mas ganap na inilarawan sa Kasunduan sa mga Serbisyo na ito:

1. Mga Pagbabawal sa Serbisyo. Makabibili ka lang ng Mga Serbisyo para sa personal na paggamit Mo at hindi para sa anumang komersiyal na layunin. Hindi awtorisado ang anumang pagbili para sa layuning komersiyal na muling pagbebenta. Hindi ka pinapahintulutan, at hindi mo rin maaaring pahintulutan ang sinuman na:
  - A. i-sublicense, rentahan o paupahan ang anumang bahagi ng Mga Serbisyo;
  - B. i-reverse engineer, i-decompile, i-disassemble, baguhin, isalin-wika, tangkaing tuklasin ang source code ng mga Serbisyo o lumikha ng mga gawa na may binago lang sa mga Serbisyo;
  - C. magbigay, mag-alok o gawing magagamit ang mga Serbisyo bilang bahagi ng pamamahala sa pasilidad, timesharing, kasunduan sa service provider o service bureau; o
  - D. gamitin ang mga Serbisyo sa anumang paraan na hindi pinapahintulutan alinsunod sa Kasunduan sa mga Serbisyo na ito.

Ang Mga Serbisyo ay maaaring may kasamang mga third party na tampok at function o maaaring mag-access ng content mula sa isang third party na website. Maaaring mapasailalim ang mga naturang tampok, function o content sa mga tuntunin ng serbisyo at patakaran sa policy ng naturang third party.

## 2. Tagal ng mga Serbisyo.

Dapat magsimula ang “Tagal ng Serbisyo” sa (a) petsa ng inisyat Mong installation o paggamit ng Software at sa isang computer, virtual environment, mobile o mobile computing device (isang “Device”), o (b) sa petsa kung kailan mo tinanggap ang Kasunduan sa Serbisyo na ito, o (c) kung binili Mo ang Software o Serbisyo mula sa Norton online store, ang petsa nang natapos ang pagbili Mo, o (d) kung natanggap mo ang Serbisyo bilang bahagi ng alok na maraming produkto, ang petsa ng pagbili Mo sa naturang alok na maraming produkto, o (e) kung nakuha Mo ang mga karapatan na gamitin ang Serbisyo gaya ng inilarawan sa Kasunduan sa Serbisyo na ito mula sa isang provider na awtorisado ng Symantec (“Provider”), ang petsa na tutukuyin ng naturang Provider. Dapat umabot ang Tagal ng Serbisyo hanggang sa panahong nakasaad sa Dokumentasyon o sa naaangkop na dokumentasyon ng transaksyon mula sa awtorisadong distributor, reseller o Provider kung saan mo nakuha ang Serbisyo. Maaaring awtomatikong ma-deaktibo ang Serbisyo at hindi gumana sa pagtatapos ng Tagal ng Serbisyo, at hindi Ka magiging kuwalipikadong makatanggap ng Serbisyo maliban kung ma-renew ang Tagal ng Serbisyo. Ang mga subscription para sa mga pag-renew ng Tagal ng Mga Serbisyo ay (i) magagamit alinsunod

sa patakaran sa suporta ng Symantec na nakapaskil sa [https://support.norton.com/sp/en/us/home/current/solutions/v74023230\\_EndUserProfile\\_en\\_us](https://support.norton.com/sp/en/us/home/current/solutions/v74023230_EndUserProfile_en_us) o (ii) ibibigay ng Iyong Provider alinsunod sa mga patakaran ng naturang Provider, kung nakuha Mo ang Serbisyo sa Iyong Provider.

### 3. Mga Awtomatikong Update sa Content:

A. Magkakaroon Ka ng karapatang makatanggap ng mga bagong tampok sa at mga bersyon ng mga Serbisyo dahil ginawang magagamit ng Symantec, sa pagpapasya nito, ang naturang mga tampok at bersyon sa Tagal ng Serbisyo Mo. Patuloy na nagsisikap ang Symantec na pahasayin ang usability at performance ng mga produkto at serbisyo nito. Upang mai-optimize ang Mga Serbisyo, at para maibigay sa Iyo ang pinakabagong bersyon ng Mga Serbisyo, Ikaw ay sumasang-ayon na maaaring baguhin ng Symantec ang Mga Serbisyo sa sarili nitong kapasyahan. Sumasang-ayon kang makatanggap at pahintulutan ang Symantec na magpadala ng mga naturang bagong update at bersyon sa Iyo. Bilang karagdagan, maaaring baguhin ng Symantec ang mga tuntunin at kondisyon na nalalapat sa paggamit Mo ng Mga Serbisyo na sasalamín sa mga naturang update at bersyon at sumasang-ayon Ka sa mga naturang nai-update na tuntunin. Maliban kung hindi ka tuwirang sumasang-ayon sa mga naturang pagbabago, sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng mga Serbisyo pagkatapos magkaroon ng bisa ang mga pagbabago, sumasang-ayon Ka na sumunod sa mga nabagong tuntunin.

### 4. Kinakailangang Pagsasaaktibo; Norton Account:

A. Maaaring magkaroon ng mga teknolohikal na hakbang sa mga Serbisyo na dinisenyo upang pigilan ang hindi lisensiyado o ilegal na paggamit sa mga Serbisyo. Sumasang-ayon ka na maaaring gamitin ng Symantec ang mga hakbang na ito upang maprotektahan ang Symantec laban sa pamimirata ng Mga Serbisyo. Ang Kasunduan sa Mga Serbisyo na ito at ang Mga Serbisyonag naglalaman ng teknolohiya sa pagpapatupad ay maaaring mangailangan ng pagpapatupad gaya ng nakasaad sa Dokumentasyon. Kung ganoon na nga, gagana lang ang Mga Serbisyo sa tiyak na haba ng panahon bago Mo isaaktibo ang Mga Serbisyo. Kung hindi Mo matatapos ang pagsasaaktibo sa loob ng tiyak na panahong nakasaad sa Dokumentasyon, o kapag na-prompt ng Mga Serbisyo, maaaring huminto sa paggana ang Mga Serbisyo hanggang sa matapos ang pagsasaaktibo; kung kailan maibabalik na ang paggana ng Mga Serbisyo. Kung hindi Mo maisasaaktibo ang Mga Serbisyo sa pamamagitan ng Internet, o sa pamamagitan ng ibang paraang tinukoy sa proseso ng pagsasaaktibo, maaari Kang makipag-ugnayan sa (i) Suporta sa Customer ng Symantec gamit ang impormasyong ibinigay ng Symantec, o gaya ng nakasaad sa Seksiyon 12 sa ibaba, o (ii) ng Provider mo, o sa entidad na nakasaad sa dokumentasyong ibinigay sa Iyo ng Provider mo, kung nakuha Mo ang Mga Serbisyo mula sa Iyong Provider.

B. Norton Account. Maaaring kailanganin ang isang pangkasalukuyang Symantec Norton Account (“Norton Account”) para ma-access at magamit ang Mga Serbisyo. Sa naturang sitwasyon, kung wala kang Norton Account, dapat Mong tapusin ang umiiral na proseso ng pagpaparehistro upang makalikha ng isang Norton Account para magamit ang Mga Serbisyo. Maaaring hindi kailanganin ang isang Norton Account kung nakuha Mo ang mga karapatang gamitin ang Mga Serbisyo mula sa isang Provider na hinihinging magkaroon ka ng ibang user account (“Provider Account”) para ma-access at magamit ang Mga Serbisyo. Mangyaring sumangguni sa naaangkop na dokumentasyon ng transaksyon sa Iyong Provider upang malaman kung kailangan ng Norton Account o Provider Account para ma-access at magamit ang Mga Serbisyo. Ikaw ang tanging may responsibilidad para sa pagpapanatili sa pagkalihim ng Iyong Norton Account o Provider Account password. Dagdag pa, kung illipat mo ang lahat ng karapatan mo sa mga Serbisyo sa bisa ng Kasunduang ito, dapat Mo ring bitiwang ang access mo sa, o pamamahala sa mga inilipat na Serbisyo mula sa Iyong Norton Account. Makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer ng Symantec o bisitahin ang page ng Suporta ng Symantec na nakasaad sa ibaba.

### 5. Tampok sa Ligtas na Paghahanap at Online na Pag-back Up:

Ligtas na Paghahanap. Maaaring kasama sa Mga Serbisyo ang tampok sa Ligtas na Paghahanap na nagbibigay sa Iyo ng kakayahang ligtas na makapaghanap sa Internet. Maaaring itong ialok sa pamamagitan ng, ngunit hindi limitado sa, isang Symantec search toolbar o browser extension.

## Online na Pag-back Up.

Maaaring may kasama ang Software na isang tampok sa online na pag-back up, na nagbibigay-daan sa iyong itago at kunin ang Iyong data sa system ng Symantec sa pamamagitan ng Internet sa Panahon ng Serbisyo (“Tampok sa Online na Pag-back Up”), alinsunod sa laki ng espasyo para sa online na pag-back up na kasama ng Iyong Software at/o karagdagan Mong binili. Kung pipiliin Mong gamitin ang Tampok sa Online na Pag-back Up, dapat Mong tapusin ang proseso ng pagsasaaktibo sa loob ng Software para sa naturang tampok.

a. Availability. Ibinibigay ang Tampok sa Online na Pag-back Up “nang ganoon mismo” at “kung magagamit” at hindi responsibilidad ng Symantec na bayaran Ka para sa anumang pagkalugi o pinsalang magreresulta mula sa anumang downtime ng Tampok sa Online na Pag-back Up dahil sa makatuwirang nakaiskedyul na pagmementina, pagmementina para sa mga kritikal na problema, o mga puwersang hindi kontrolado ng Symantec.

b. Asal at Responsibilidad ng User; Pagsunod sa mga Umiiral na Batas. Napapailalim ang paggamit sa Tampok sa Online na Pag-back Up (kabilang ang pagpapadala ng anumang data na napili Mong iimbak sa pamamagitan ng Tampok na Online Backup (“Data”)) sa lahat ng umiiral na lokal, pang-estado, pambansa at pang-buong mundong batas at regulasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga batas sa pag-export ng Estados Unidos. Sumasang-ayon kang sumunod sa mga naturang umiiral na batas at regulasyon at sa mga detalyeng nakasaad sa Dokumentasyon o sa umiiral na dokumentasyon ng transaksyon mula sa awtorisadong distributor, reseller, o Provider kung saan Mo nakuha ang Mga Serbisyo at na hindi (i) gagamitin ang Tampok sa Online na Pag-back Up para sa mga ilegal na layunin, (ii) magpapadala o mag-iimbak ng materyal na maaaring lumabag sa mga karapatan sa intelektuwal na pag-aari o iba pang mga karapatan ng mga third party o na ilegal, nakakapapanakit, nakakapanirang-puri, nakakapanira ng pagkatao, o nakakapanghimasok ng privacy ng ibang tao; (iii) magpapadala o mag-iimbak ng data ng ibang partido nang hindi muna hinihingi ang lahat ng pahintulot na iniaatas ng batas mula sa may-ari ng data para sa pagpapadala ng data sa Symantec para sa pag-iimbak sa loob ng Estados Unidos; (iv) magpapadala ng anumang materyal na naglalaman ng mga software virus o iba pang mapanganib na computer code, mga file o mga program gaya ng mga trojan horse, worm o time bomb; (v) makikialam o mag-aantala ng mga server o network na nakakonekta sa Tampok sa Online na Pag-back Up; o (vi) tatangkaing kumuha ng hindi awtorisadong pag-access sa Tampok sa Online na Pag-back Up, mga account ng ibang mga user ng Tampok sa Online na Pag-back Up o mga computer system o network na nakakonekta sa Tampok sa Online na Pag-back Up.

Nalalapat ang iyong mga obligasyon sa Seksyong ito tungkol sa paggamit ng TTampok sa Online na Pag-back Up sa lahat ng paggamit ng Tampok sa Online na Pag-back Up kaugnay ng Iyong Norton Account. Tanging ikaw lang ang may pananagutan para sa paggamit ng Tampok sa Online na Pag-back Up, at Data na na-transmit o naimbak sa pamamagitan ng Tampok sa Online na Pag-back Up, kaugnay ng Iyong Norton Account.

Hanggang sa pinakamalaking halagang pinapahintulutan sa ilalim ng umiiral na batas, sumasang-ayon Kang bayaran ang Symantec, mga magulang nito, subsidiary, kaanib, opisyal, direktor, empleyado at ahente nito sa halaga ng anumang mga paghahabol, pagdedemanda, gastos, pinsala, pagkawala, pananagutan at bayarin, kabilang ang mga makatuwirang bayad sa abogado, na ginawa ng sinumang third party na nagmula sa o kaugnay ng paggamit ng Tampok sa Online na Pag-back Up sa pamamagitan ng Iyong Norton Account hanggang sa ang anumang naturang paghahabol, pagdedemanda, gastos, pinsala, pagkawala, pananagutan at bayarin ay naging resulta ng Iyong paglabag sa Kasunduan sa Lisensiya na ito o kapabayaang o tuwirang hindi pagsunod. Maaaring kabilang sa naturang halaga ang ngunit hindi nalilimita sa pananagutan mong magbayad ng anumang naturang paghahabol, pagdedemanda, gastos, pinsala, pagkawala, pananagutan at bayarin na nagmula sa o kaugnay ng Data na na-transmit o naimbak sa pamamagitan ng Tampok sa Online na Pag-back Up kaugnay ng Iyong Norton Account.

c. Pag-terminate; Pagsuspende. Mate-terminate ang iyong karapatang gamitin ang Tampok sa Online na Pag-back Up sa pag-expire ng Panahon ng Serbisyo. Maaaring agarang suspindihin o i-terminate ng Symantec ang paggamit sa Tampok sa Online na Pag-back Up sa Panahon ng Serbisyo dahil sa hindi Mo pagsunod, o makatuwirang paniniwala ng Symantec na hindi ka sumunod sa mga tuntunin at kondisyong ito (maliban sa maliliit

o walang-kinahinatnang paglabag) o anumang iba pang maling paggamit ng Tampok sa Online na Pag-back Up. Kasunod ng pag-expire o pag-terminate ng Panahon ng Serbisyo:

Maaaring permanenteng i-delete ng Symantec ang anumang Data na nakaimbak sa espasyo ng online na pag-back up na ibinigay kasama ng Iyong Software at Mga Serbisyo;

Hindi obligasyon ng Symantec na panatilihin ang naturang Data, ipasa ang naturang Data sa Iyo o sa isang third party o i-migrate ang naturang Data sa isa pang back up na serbisyo o account; at

Hindi mo maiimbak ang Data sa anumang karagdagang espasyo ng pag-back up na maaaring nabili mo nang hiwalay maliban kung at hanggang ma-renew ang Panahon ng Serbisyo.

d. Iba Pa. Hindi obligasyon ng Symantec na subaybayan ang paggamit ng Tampok sa Online na Pag-back Up at/o Data na na-transmit o naimbak sa pamamagitan ng Tampok sa Online na Pag-back Up. Hanggang sa kayang saklawin na pinapahintulutan sa ilalim ng naaangkop na batas at sa kabila ng mga probisyon ng Seksiyon 10 sa ibaba, may karapatan ang Symantec sa lahat ng pagkakataon na subaybayan, suriin, panatilihin at/o ibunyag ang anumang Data o iba pang impormasyon kung kinakailangan upang matugunan ang anumang naaangkop na batas, regulasyon, legal na proseso o kahilingan ng pamahalaan o upang siyasatin ang anumang paggamit o pinaghihinalaang paglabag sa Kasunduan sa Lisensiya na ito.

#### 6. Teknikal na Suporta:

Ang ilang tampok ng teknikal na suporta na maaaring ialok mula sa Software, na maaaring may kasamang live chat sa isang ahente ng teknikal na suporta at/o tulong mula sa isang ahente ng teknikal na suporta sa pamamagitan ng remote computer access (ang anumang naturang teknikal na suporta na inaalok mula sa Software ay dapat isangguni sa Kasunduan sa mga Serbisyo na ito bilang “Teknikal na Suporta”). Kung inalok ang mga naturang tampok at pinili Mong kunin i-access ang naturang Teknikal na Suporta, dapat ilapat ang mga sumusunod na tuntunin. Ibibigay ang anumang naturang Teknikal na Suporta ayon sa pasya ng Symantec nang walang anumang garantiya o warranty ng anumang uri maliban sa anumang garantiya na umiiral sa bisa ng mga batas ng mamimili sa Iyong hurisdiksiyon, na hindi maaaring ibukod o limitahan sa anumang paraan. Ikaw lang ang tanging may pananagutan na kumumpleto ng pag-back up ng lahat ng Iyong umiiral na data, software at mga programa makatanggap ng anumang Teknikal na Suporta. Sa pagbibigay ng Teknikal na Suporta, maaaring malaman ng Symantec na ang teknikal na isyu ay lampas sa saklaw ng Teknikal na Suporta. May karapatan ang Symantec na tumanggi, magsuspende o mag-terminate sa anumang Teknikal na Suporta ayon sa pasya nito.

#### 7. Serbisyo sa Awtomatikong Pag-renew ng Norton:

Kasama sa pagbili mo ng subscription sa Norton ang Serbisyo sa Awtomatikong Renewal. Sa pagtatapos ng Iyong Panahon ng Serbisyo, mare-renew ang Serbisyo at awtomatikong sisingilin ang Iyong paraan ng pagbabayad ng presyo ng pag-renew noon (kasama ang mga umiiral na buwis), nang walang karagdagang pagkilos mula sa Iyo. Anumang oras pagkatapos ng Iyong pagbili, maaari Mong baguhin ang mga setting ng Iyong subscription, kabilang ang pagkansela ng awtomatiko Mong pag-renew, sa [manage.norton.com](http://manage.norton.com). Ang mga singil sa Taunang Serbisyo sa Awtomatikong Renewal ay kwalipikado para sa refund sa loob ng animnapung (60) araw ng petsa ng pagbili ng renew. Pakitingnan ang Patakaran sa Pagbalik ng Norton para sa dagdag na impormasyon sa pagkuha ng mga refund para sa mga produkto ng Norton.

#### 8. Serbisyo ng Virtual Private Network (“VPN”)

Maaaring may tampok sa VPN (“Serbisyo ng VPN”) ang Mga Serbisyo. Ang Serbisyo ng VPN ay kontrolado ng Internet at maaaring may kasamang software ng kliyente na naka-install sa Iyong Device na nakikipag-interaksyon sa mga server ng Symantec (o mga server na pag-aari ng mga third party contractor ng Symantec) na nagbibigay-kakayahan sa Iyo na lumikha ng isang virtual na Pribadong koneksiyon. Lahat na bahagi ng Serbisyo na ibinigay dito ay maaaring ibigay ng isang third-party na provider, kabilang na ngunit hindi limitado sa, imprastruktura ng network. Kokonekta ang client Software sa Iyong Device sa isang imprastruktura ng network ng server na ginagamit sa internet at pinapagana bilang pinapamahalaang serbisyo ng Symantec at ng iba pang provider ng serbisyo. Ang paggamit mo sa client software ay napapailalim sa Kasunduan sa Lisensiya.

#### A. Katanggap-tanggap na Paggamit.

(i) Responsibilidad mong panatilihin at protektahan ang pagkakumpidensyal ng lahat na impormasyon ng Norton Account

na ibinigay sa Iyo, at ikaw lang ang mananagot para sa lahat ng aktibidad sa mga nabanggit na Norton Account, (maliban sa anumang aktibidad na isinagawa o hayagang pinahintulutan ng Symantec).

(ii) Ikaw lang ang natatanging may responsibilidad para sa kilos Mo kaugnay ng Serbisyo. Ikaw ay sumasang-ayon na Ikaw ay susunod at makikipagtulungan sa Symantec para ipatupad at/o pigilan ang posibleng mga paglabag sa Digital Millennium Copyright Act at anumang iba pang katulad na batas kung saan Ikaw ay nasasailalim, gaya ng sa European Union ang mga pambansang pagpapatupad sa Directive 2001/29/EC ng European Parliament at ng Council ng 22 Mayo 2001 sa pagkakasundo ng ilang aspekto ng copyright at mga kaugnay na karapatan sa information society. Sa United Kingdom, ang mga ito ay nilalaman sa Copyright, Designs and Patents Act 1988.

Dagdag pa'y sumasang-ayon Ka na hindi Mo gagamitin ang Serbisyo:

- a. bilang paglabag sa anumang umiiral na batas o regulasyon, o para itaguyod ang paglabag sa anumang umiiral na batas o regulasyon;
- b. na mag-upload, mag-post, o kaya'y magpadala ng anumang content na malaswa, mahalay, o hubad, o kaya'y katutol-tutol;
- c. sa paraang mapanlinlang;
- d. na mag-upload, mag-post, o kaya'y magpadala ng content na Ikaw ay walang karapatan o 'di kaya'y makalalabag sa mga karapatan sa pag-aaring intelektuwal ng sinumang partido;
- e. sa paraang lumalabag sa anumang privacy, pag-aaring intelektuwal, pagkalahim, o kontraktuwal o iba pang karapatan;
- f. sa paraang lumalabag o sumasalungat sa anumang katanggap-tanggap na paggamit o iba pang patakaran o mga tuntunin at kondisyon na maaaring mailalapat sa Iyong paggamit sa anumang computer system, network o website;
- g. para manirang-puri, mang-abuso, mangligalig, magsubaybay nang di-legal, magbanta o labagin ang mga karapatang legal ng ibang tao o gumawa ng pagkilos na nanghihimasok sa mga karapatan ng ibang tao;
- h. para mag-upload, mag-post, o kaya'y magpadala ng anumang content na naglalaman ng mga virus o iba pang nakasisirang computer code o file gaya ng Trojan horse, worm, time bomb, o mga katulad dito;
- i. para mag-upload, mag-post, o kaya'y magpadala ng anumang di-hiningi o hindi awtorisadong advertising, promosyon na materyal, "junk mail," "spam," "chain letter," "pyramid scheme" o anumang iba pang anyo ng panghihingi;
- j. para tangkain na makakuha ng hindi awtorisadong access sa Serbisyo, sa mga account ng iba pang gumagamit sa Serbisyo, o mga computer system o network na nakakonekta sa Serbisyo; o kaya'y manghihimasok sa o mag-antala sa Serbisyo o mga server o mga network na nakakonekta sa Serbisyo;
- k. tanggalin ang copyright o iba pang karapatan ng may-ari sa Software o Serbisyo;
- l. gamitin ang Serbisyo o Software para sa anumang komersiyal na paggamit, ipinapalagay na ang Software at Serbisyo ay para sa personal, at hindi komersiyal na paggamit lang;
- m. alisin, laktawan, hindi paganahin, sirain o kaya'y makialam sa mga tampok na may-kinalaman sa seguridad ng Software o Serbisyo, mga tampok na pumipigil o nagbbawal sa paggamit o pagkopya sa

Software, o mga tampok na nagpapatupad ng mga limitasyon sa paggamit ng Serbisyo;

- n. i-reverse engineer, i-decompile, baklasin o kaya'y tangkain na tuklasin ang source code ng Serbisyo o Software o anumang bahagi ng mga ito, maliban at para lang sa abot na ang naturang aktibidad ay hayagang pinapahintulutan ng umiiral na batas sa kabila ng limitasyon na ito;
- o. baguhin, iakma, isaling-wika o lumikha ng mga gawang halaw sa Software o Serbisyo o anumang bahagi nito, maliban at para lang sa abot ng sumusunod na pagbabawal ay hayagang ipinagbabawal ng umiiral na batas; o

Nauunawaan mo na, sa kabila ng pagsisikap ng Symantec at mga tuntunin na nilalaman ng Kasunduan sa mga Serbisyo, Ikaw ay maaaring malantad sa content na maaaring nakasasakit, malaswa o katutol-tutol para sa iyo kapag ginagamit ang Serbisyo ng VPN, at, naaayon dito, ginagamit Mo ang Serbisyo ng VPN sa sarili mong peligro na malantad sa naturang content.

(iii). Mga pagbabago sa Serbisyo ng VPN; Mga pagbabago sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng VPN. Magkaroon Ka ng karapatang makatanggap ng mga bagong tampok sa Serbisyo ng VPN dahil ginawang magagamit ng Symantec, sa pagpapasya nito, ang mga naturang tampok sa Tagal ng Iyong Serbisyo. Patuloy na nagsisikap ang Symantec na pahasayin ang usability at performance ng mga serbisyo nito. Upang i-optimize ang Serbisyo ng VPN, maaaring gawing ng Symantec, sa kapasyahan nito: (i) na magdagdag, baguhin o alisin ang mga tampok ng mga Serbisyo ng VPN, o (ii) pansamantalang ipagbawal ang paggamit sa mga Serbisyo ng VPN o limitahan ang pagkahanda nito upang magsagawa ng mga aktibidad sa pagmementina, sa anumang oras nang may o walang abiso sa Iyo. Maaari rin i-update ng Symantec ang mga tuntunin ng Kasunduan sa mga Serbisyo na ito at inirerekomenda na silipin Mo ang Kasunduan sa mga Serbisyo na ito nang regular para makita kung nai-update ang mga ito. Ipapalagay ang patuloy mong paggamit sa Serbisyo ng VPN bilang Iyong pagtanggap sa nai-upate na mga tuntunin ng Kasunduan sa Mga Serbisyo na ito.

(iv). Pag-terminate at Pagsuspindi. Mate-terminate ang karapatang mong gamitin ang Serbisyo ng VPN sa pag-expire ng Tagal ng Serbisyo. Dagdag pa rito, maaaring gawin ng Symantec, sa sarili nitong kapasyahan, na agad isuspindi o-terminate ang Iyong paggamit sa Serbisyo ng VPN sa anumang oras nang walang abiso sa Iyo kung Iyong lalabagin, o makatuwirang naniniwala ang Symantec na Iyong nilabag, ang mga tuntunin ng Kasunduan sa mga Serbisyo na ito, o kung ginagamit mo ang Serbisyo ng VPN ay maaaring magkaroon ang Symantec ng pananagutang legal o gambalain ang paggamit ng ibang tao sa Serbisyo ng VPN (kung saan walang pag-refund na gagawin).

#### 9. Garantiya sa Pagbabalik ng Pera:

Kung Ikaw ang orihinal na lisensiyado ng Software at mga Serbisyo at hindi ganap na natutuwa rito sa anumang dahilan, mangyaring huwag nang gamitin pa ang Software at mga Serbisyo at makipag-ugnayan (i) sa awtorisadong reseller na nagbenta sa Iyo ng Software at mga Serbisyo, o (ii) sa awtorisadong reseller na nagbenta sa Iyo ng Device na may kasamang Software at mga Serbisyo bilang naka-pre-load sa Device, kung nakuha Mo ang Software at mga Serbisyo bilang bahagi ng naka-bundle na alok ng Device, o (iii) sa Serbisyo sa Customer ng Symantec, gamit ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan na nakasaad sa Seksiyon 12 ng Kasunduan sa Lisensiya na ito, para sa impormasyon kung paano makakuha ng refund ng halagang binayaran Mo para sa kasalukuyang Tagal ng Serbisyo (menos ang shipping, handling, at anumang umiiral na buwis maliban sa ilang estado at bansa kung saan ang shipping, handling at mga buwis ay maaaring i-refund) anumang oras sa loob ng animnapung (60) araw kasunod ng petsa ng pagbili ng taunang subscription, sa loob ng animnapung (60) araw ng pagbili ng petsa ng pagbili ng awtomatikong renewal ng taunang subscription, o sa loob ng tatlung (30) araw kasunod ng petsa ng pagbili ng buwanang subscription (ang "Refund").

Upang maiwasan ang pagdududa, hindi mailalapat ang mga nabanggit na karapatan sa paglilipat kung nakuha mo ang Software at mga Serbisyo mula sa aming Provider. Dagdag pa rito, hindi malalapat ang Refund sa mga pagbili ng parehong produkto ng Norton na dati mo nang binili at na-refund.

#### 10. Privacy; Pagprotekta ng

## Data

(a) Kapag ginamit Mo ang Mga Serbisyo, nalalapat ang Patakaran sa Privacy ng Symantec na nakahanda para pag-aralan gamit ang link na "Privacy Policy".

(b) Pagkolekta ng Data ng Serbisyo ng VPN; Mga Regulasyon sa Pagprotekta ng Data. Kaugnay ng paggamit Mo sa Serbisyo ng VPN, maaaring kolektahin ng Symantec mula sa Iyo at ingatan, isiwalat, ilipat at kaya'y iproseso ang ilang data. Maaaring kabilang sa data na ito ang, ngunit hindi limitado sa, personal na data tungkol sa Iyo, Iyong mga device o mga system o Iyong paggamit sa mga Serbisyo, gaya ng impormasyon ng subscriber at data ng mobile device, pinagsama-samang paggamit sa bandwidth, at data sa pansamantalang paggamit. Kinakailangan ang pagkolekta sa data na ito para (a) bigyang-kakayahan, i-optimize at ibigay ang Mga Serbisyo o pagmementina/suporta sa Iyo (at maaaring gumamit ang Symantec ng mga third party na gawin din ito); (b) maunawaan ang paggamit sa produkto at pahusayin ang mga karanasan ng user sa loob ng mga produkto sa pangkalahatan; at (c) magbigay ng billing, operasyon ng network at suporta. Sa pag-install at/o paggamit sa Mga Serbisyo, sumasang-ayon Ka na payagan ang Symantec na kolektahin ang personal na data gaya ng inilarawan sa seksiyon na ito.

(c) Kapag Ikaw ay humiling ng Mga Serbisyo ng Teknikal na Suporta, kokolektahin ang sumusunod na impormasyon at ipapadala mula sa Iyong Device papunta sa Symantec gamit ang koneksiyon sa Internet:

- Ang impormasyon na mula sa Iyo na ibinigay sa kinatawan sa serbisyo ng Symantec sa telepono o ipinasok Mo sa online interface ng Symantec kapag hinihingi ang Mga Serbisyo; at
- Ang uri at bersyon ng operating system at Internet browser na ginagamit ng Iyong Device.

Sa panahon ng sesyon mo sa Mga Serbisyo, kung may Support Software Tool na i-install, maaaring kunin ang sumusunod na impormasyon ng Support Software Tool at ipapadala sa Symantec gamit ang secured na koneksiyon:

- Ang bilang ng mga file na nai-scan, natagpuang banta, at naayos na banta ng Support Software Tool;
- Mga uri ng nakitang banta;
- Ang bilang at uri ng mga natitira pang banta na hindi pa naayos ng Support Software Tool;
- Kung aktibo o hindi ang isang firewall;
- Kung naka-install ang antivirus software, gumagana, at up-to-date;
- Impormasyon ng browser kabilang ang mga setting sa seguridad at temporary file;
- Impormasyon ng system kaugnay ng operating system, memory at espasyo sa disk, kumpigurasyon ng proxy, at mga directory listing para sa Support Software Tool;
- Ang status ng seguridad (good/fair/poor) ng device ayon sa pagkakatukoy ng Support Software Tool;
- Mga naka-install na program at impormasyon sa mga aktibong process; at
- Impormasyon ng application log file at registry data.

(d) Bukod pa rito, ang anumang Data na pipiliin mong ilipat o itago sa pamamagitan ng Tampok sa Online na Pag-back Up (kung magagamit) ay ililipat at itatago sa mga bansang may mga batas sa pagprotekta ng data na hindi kasinghigpit ng mga batas sa Iyong bansa (kabilang ang, nang walang limitasyon, Estados Unidos). Ang mga server na ito ay pinagagana ng isang third party processor na inatasan ng Symantec ayon sa kontrata na pangalagaan ang Iyong Data. Kung mayroon Kang mga tanong tungkol sa pangangasiwa ng Iyong Data, mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer ng Symantec gamit ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa Seksiyon [12] 'Pangkalahatan.'

Ang lahat ng nakolektang impormasyon ayon sa itinakda sa itaas ay kailangan para sa layunin ng paghatid sa



Mga Serbisyo kabilang ang pag-analisa, pagtutukoy, pagresolba sa problemang dinanas Mo, at pag-optimize sa function ng mga produkto at serbisyo ng Symantec. Maaaring ilipat ang impormasyon sa Symantec group sa Estados Unidos o sa iba pang bansang may mga batas sa pagprotekta ng data na hindi kasinghigpit ng mga batas sa Iyong rehiyon (kabilang ang European Union), ngunit nagsagawa ang Symantec ng mga hakbang upang makatanggap ang nakolektang impormasyon, kung ililipat, ng sapat na proteksyon.

Maaaring isiwalat ng Symantec ang nakolektang impormasyon kung hihilingin ito rito ng alagad na nagpapatupad ng batas na hinihingi o pinahihintulutan ng batas o bilang tugon sa isang subpoena o iba pang legal na proseso. Upang magsulong ng kaalaman, pagtukoy at pag-iwas sa mga panganib sa seguridad ng Internet, maaaring magbahagi ang Symantec ng ilang impormasyon sa mga organisasyon ng pananaliksik at iba pang mga security software vendor. Maaari ding gamitin ng Symantec ang mga istatistika mula sa impormasyon upang masubaybayan at mailathala ang mga ulat sa mga nauusong panganib sa seguridad.

Matatagpuan ang buong detalye ng patakaran sa privacy ng Symantec dito:

<https://www.symantec.com/privacy>

## 11. Iba Pang Importanteng Impormasyon

### 11.1. Paunawa sa Warranty.

#### **Para sa mga customer na pang-negosyo**

SA ABOT NG PINAPAHINTULUTAN NG UMIIRAL NA BATAS, (i) ANG NABANGGIT NA WARRANTY SA ITAAS AY EKSKLUSIBO AT ALINSUNOD SA LAHAT NG WARRANTY, IPINAHAYAG MAN O IPINAHIWATIG, KABILANG ANG MGA IPINAHIWATIG NA WARRANTY NG KASIYA-SIYANG KALIDAD AT PAGKA-AKMA PARA SA PARTIKULAR NA LAYUNIN AT (ii) HINDI NAGBIBIGAY ANG SYMANTEC NG ANUMANG WARRANTY KAUGNAY SA HINDI PAGLABAG SA MGA KARAPATAN SA INTELEKTUWAL NA PAG-AARI.

MAAARING MAGDULOT ANG ILANG PAGSASABATAS NG MGA GARANTIYA O MAGPATUPAD NG MGA OBLIGASYON SA SYMANTEC NA (i) HINDI MAAARING IBUKOD, PAGHIGPITAN O BAGUHIN, O (ii) HINDI MAAARING IBUKOD, PAGHIGPITAN O BAGUHIN MALIBAN SA NALILIMITAHANG SAKLAW. DAPAT BASAHIN ANG KASUNDUANG ITO NA NAPAPAILALIM SA MGA PROBISYON NG BATAS NA ITO. KUNG MALALAPAT ANG MGA PROBISYON NG BATAS NA ITO, SA KABILA NG ANUPAMANG PROBISYON SA KASUNDUANG ITO AT SA SAKLAW KUNG SAAN MAY KARAPATAN ANG SYMANTEC NA GAWIN ITO, LILIMITAHAN NG SYMANTEC ANG PANANAGUTAN NITO KAUGNAY NG ANUMANG PAGHAHABOL SA ILALIM NG MGA PROBISYONG IYON SA, KAUGNAY NG SOFTWARE AT MGA SERBISYO, AYON SA OPSIYON NG SYMANTEC, PAGPAPALIT NG SOFTWARE AT MGA SERBISYO O SUPPLY NG KATUMBAS NA SOFTWARE AT MGA SERBISYO; PAGSASAAYOS NG SOFTWARE AT MGA SERBISYO; PAGBABAYAD NG GASTOS NG PAGPAPALIT NG SOFTWARE AT MGA SERBISYO O PAGKUHA NG KATUMBAS NA SOFTWARE AT MGA SERBISYO; O PAGBABAYAD NG GASTOS NG PAGPAPAAYOS NG SOFTWARE AT MGA SERBISYO KAUGNAY NG ANUMANG SERBISYO, AYON SA OPSIYON NG SYMANTEC, MULING PAG-SUPPLY NG MGA SERBISYO O PAGBABAYAD NG GASTOS SA MULING PAG-SUPPLY SA MGA SERBISYO. MANGYARING SUMULAT SA (I) SYMANTEC CUSTOMER SUPPORT, PO BOX 5689, DUBLIN 15, IRELAND O SA (II) SERBISYO SA CUSTOMER NG SYMANTEC SA LEVEL 3, 437 ST KILDA RD, MELBOURNE, VIC 3004, AUSTRALIA O BISITAHIN ANG PAGE NG SUPORTA PARA SA IYONG BANSA O REHIYON SA <https://www.symantec.com/globalsites/> PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGPAPAPALIT NG MGA SERBISYO O UPANG MAKAKUHA NG REFUND NG HALAGANG BINAYARAN MO PARA SA KASALUKUYANG PANAHON NG SERBISYO ANUMANG ORAS SA LOOB NG ANIMNAPUNG (60) ARAW KASUNOD NG PETA SA PAGBILI NG TAUNANG SUBSCRIPTION O SA LOOB NG TATLUMPUNG (30) ARAW KASUNOD NG PETA SA PAGBILI NG BUWANANG SUBSCRIPTION.

#### **Para sa Mga Customer na Mamimili**

Bukod pa sa garantiya na ibinibigay ng Symantec sa Iyo sa ilalim ng Seksiyon 7 ng KARAGDAGAN SA MGA

SERBISYO SA KASUNDUAN SA LISENSIYA NG NORTON PARA SA MGA KARAGDAGANG SERBISYO at sa mga karapatan nararapat sa Iyo bilang Consumer, wala nang ibinibigay na karagdagang warranty ang Symantec kaugnay ng Software at mga Serbisyo.

Mangyaring sumulat sa (i) Symantec Consumer Support, PO Box 5689, Dublin 15, Ireland o bisitahin ang page ng Suporta para sa Iyong bansa o rehiyon sa <https://www.symantec.com/globalsites/> para sa impormasyon tungkol sa pagpapalit ng sirang media o upang makakuha ng refund ng halagang binayaran Mo para sa kasalukuyang Panahon ng Serbisyo anumang oras sa loob ng animnapung (60) araw kasunod ng petsa ng pagbili ng taunang subscription o sa loob ng tatlumpong (30) araw kasunod ng pagbili ng buwanang subscription.

## 11.2. Limitasyon ng Pananagutan.

### 11.2.1 Pananagutan sa Mga Customer ng Negosyo:

Kung isa kang Mamimili, hindi nalalapat sa Iyo ang mga sumusunod na probisyon ng Seksyon 9.2.1 na ito maliban sa saklaw ng mga batas na umiiral sa Iyong hurisdiksyon, nalalapat ang ilang partikular na probisyon ng mamimili sa paggamit Mo ng Mga Serbisyo kahit na ang naturang paggamit ay para sa mga layuning pangnegosyo, kalakal o propesyunal. Pakibasa na lang ang Seksyon 9.2.2.

Kung isa Kang customer ng negosyo (hal, ginagamit Mo ang Mga Serbisyo sa negosyo, kalakal o propesyon (isang "Customer ng Negosyo")), nalalapat sa Iyo ang mga sumusunod na probisyon sa Seksyon 9.2.1 na ito (tinanggap Mo man o hindi ang Mga Serbisyo).

A. SA ABOT NG PINAHIHINTULUTAN NG UMIIRAL NA BATAS, HINDI MANANAGOT ANG SYMANTEC O MGA LICENSOR NITO SA IYO (SA PAGPAPABAYA, SA KONTRATA O KUNG HINDI MAN) PARA SA MGA NAWALANG TUBO, KINITA, KONTRATA NG NEGOSYO, INAASAHANG MATITIPID O PAGKAWALA O NASIRANG DATA NA MAGBUBUHAT SA PAGGAMIT O KAWALAN NG KAKAYAHANG GAMITIN ANG MGA SERBISYO (KABILANG NGUNIT HINDI LIMITADO SA PAGGAMIT NG TAMPOK SA ONLINE NA PAG-BACK UP AT TEKNIKAL NA SUPORTA) O PARA SA ANUMANG ESPESYAL, KINAHINATNAN, DI-TUWIRAN O KATULAD NA PINSALA, KAHIT NA INABISUHAN ANG SYMANTEC TUNGKOL SA POSIBILIDAD NG MGA NATURANG PINSALA.

B. SA ABOT NG PINAHIHINTULUTAN NG UMIIRAL NA BATAS, HINDI LALAMPAS ANG PANANAGUTAN NG SYMANTEC O NG MGA LICENSOR NITO SA PRESYO NG PAGBILI NA BINAYARAN MO PARA SA NAAANGKOP NA PANAHON NG SERBISYO.

C. Pananagutan Ka ng Symantec nang walang limitasyon kung (a) mamamatay o mapipinsala Ka dahil sa kapabayaan ng Symantec o (b) kung makakaraanas Ka ng pagkalugi o pinsala dahil sa panlilinlang ng Symantec.

### 11.2.2 Pananagutan sa Mga Mamimili:

Kung isa Kang Mamimili, nalalapat ang Seksyon 9.2.2 na ito sa Iyo. Pakibasa ito nang mabuti. Hindi nalalapat ang Seksyon 9.2.2 sa Iyo kung isa kang Customer ng Negosyo. Pananagutan Ka ng Symantec nang walang limitasyon kung (a) mamamatay o mapipinsala Ka dahil sa kapabayaan ng Symantec o (b) kung makakaraanas Ka ng pagkalugi o pinsala dahil sa panlilinlang ng Symantec.

A. Napapailalim sa mga nakaraang probisyon ng Seksyon 9.2.2 na ito, walang pananagutan ang Symantec sa pagbabayad sa Iyo para sa anumang pagkawala na hindi makatarungang nakikitang kahihinatnan ng paglabag ng Symantec sa Kasunduan sa Lisensiya na ito. Bilang isang Mamimili, ang paggamit mo sa Mga Serbisyo ay hindi pangkomersiyal. Samakatuwid, hindi mananagot ang Symantec sa Iyo para sa anumang pagkawala ng ganansiya, kita, inaasahang matitipid, mga kontrata, o oras na magmumula sa Iyong paggamit o kawalang-kakayahang magamit ang Software na nagresulta sa isang malaking pagpalya.

B. Mariin naming inirerekomenda na i-back Mo ang Iyong data madalas.

C. Sa lahat ng oras, dapat may obligasyon Kang magsagawa ng mga makatuwirang hakbang upang mapaliit ang

Iyong kawalan.

11.3. Mga Karapatan ng Kompanya. Mananatili sa Symantec ang pag-aari sa lahat ng karapatan ng kompanya sa Mga Serbisyo at sa lahat ng pangalan ng kalakal, tatak-pangkalakal at mga tatak ng serbisyo na kaugnay o ipinapakita kasam ng Mga Serbisyo. Hindi mo aalisin, sisirain o haharangan ang alinman sa mga copyright o abiso sa tatak-pangkalakal ng Symantec at/o mga sanggunian o iba pang abiso ng pag-aari ng kompanya sa, nakasama sa loob, o kaugnay ng Mga Serbisyo. Hindi mo maaaring i-reverse engineer, i-reverse compile o kaya'y ibaba sa anyong nababasa ng tao ang alinman sa Mga Serbisyo.

11.4. Force Majeure. Sa abot ng pinahihintulot ng umiiral na batas, hindi mananagot ang Symantec para sa anumang kabiguan sa paggana dahil sa mga sitwasyong hindi inasahan o sa mga dahilang wala sa makatuwirang kontrol ng Symantec, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga gawa ng Diyos, digmaan (maging deklarado o hindi), riot, mga embargo, mga gawa ng mga awtoridad sa pamahalaan o militar, terorismo o banta ng terorismo, sunog, baha, aksidente, welga, lockout, kabiguan ng pampubliko o pribadong network at imprastraktura sa telekomunikasyon, o kakulangan ng transportasyon, pasilidad, krudo, enerhiya, labor o materyales. Sa pangyayaring may naturang antala, maaaring ipagpaliban ang Symantec sa naturang paggana sa pangyayaring maatrasado o mapigilan ito ng naturang dahilan.

11.5. Regulasyon sa Pag-export. Kinikilala mo na ang Mga Serbisyo at nauugnay na teknikal na data at mga serbisyo (pinag-isang "Kinokontrol na Teknolohiya") ay maaaring mapailalim sa mga batas ng pag-angkat at pagluwas ng Estados Unidos, partikular na sa U.S. Export Administration Regulations (EAR), at sa mga batas ng anumang bansa kung saan ang Kinokontrol na Teknolohiya ay inaangkat o muling ie-export. Sumasang-ayon kang sumunod sa lahat ng nauugnay na batas at hindi mag-e-export ng anumang Kontroladong Teknolohiya na salungat sa batas ng U.S. law at sa anumang pinagbabawal na bansa, entidad o tao kung saan kakailanganin ang lisensiya sa pag-export o iba pang mga pag-apruba ng pamahalaan. Ipinagbabawal ang pag-export at muling pag-export sa lahat ng subscription ng Norton sa Cuba, North Korea, Iran, Syria at Sudan at sa anumang bansang napapailalim sa mga nauugnay na parusa sa kalakalan. Sumasang-ayon ka ngayon na hindi Mo ie-export o ibebenta ang anumang Kontroladong Teknolohiya para gamitin kaugnay ng mga kemikal, biological, o nuclear na armas, o mga missile, drone o space launch vehicle na may kakayahang maghatid ng naturang armas.

12.

Pangkalahata

n

A. Namamahalang Batas. Mapapailalim ang Mga Tuntunin sa mga batas ng England at Wales. Walang anuman sa mga Tuntunin na ito ang magtatanggal ng anumang karapatang mayroon Ka sa bisa ng umiiral na batas sa pagprotekta ng mamimili o iba pang mga naaangkop na batas sa Iyong hurisdiksiyon na hindi maaaring talikdan ng kontrata.

B. Buong Kasunduan. Ang Mga Tuntunin ay ang buong kasunduan sa pagitan Mo at ng Symantec kaugnay ng

Mga Serbisyo

at: (i) mangingibabaw ito sa lahat ng nauna o mga sumunod na binigkas o nasusulat na pag-uusap, panukala at paghahayag kaugnay ng paksang ito; at (ii) mananaig ito sa anumang magkasalungat o karagdagang tuntunin ng anumang binigkas, kautusan, pagkilala o katulad na pag-uusap sa pagitan ng mga partido. Agad na magwawakas ang Mga Tuntunin sa paglabag mo sa Mga Tuntunin, kabilang na ngunit hindi limitado sa: paglabag sa Mga Pangunahing Responsibilidad mo, kabilang ang mga obligasyon sa pagbabayad at hindi paglipat, sa ilalim ng Seksiyon 1 o 4 dito, at/o paglabag sa mga karapatan ng kompanya ng Symantec, o mga umiiral na batas sa pag-import at pag-export sa ilalim ng mga Seksiyon 11.3 o 11.5 dito, at agad mong ihihinto ang paggamit sa Mga Serbisyo. Ang mga paunawa sa mga warranty at pinsala at limitasyon sa pananagutan na nakasaad sa Mga Tuntunin ay mananatili pa rin pagkatapos ng pag-terminate. Kung mayroon Kang anumang tanong tungkol sa Mga Tuntunin, o kung gusto Mong makipag-ugnayan sa Symantec para sa anumang dahilan, mangyaring sumulat sa Symantec Customer Support, PO Box 5689, Dublin 15, Ireland o bisitahin ang page ng suporta para sa Iyong bansa o rehiyon sa <https://www.symantec.com/globalsites/>. Hindi magfa-file ang Symantec ng kopya ng Mga Tuntunin.

CPS / SUBS\_SOS 22.15 / IE

## **2. PANGAKONG PROTEKSYON SA VIRUS NG NORTON**

KUNG PINILI O SINIMULAN MO ANG SERBISYONG PINANGALANANG “PANGAKONG PROTEKSYON SA VIRUS NG NORTON” (“MGA SERBISYO”) GAMIT ANG WEBSITE NG SYMANTEC (“SITE”), NALALAPAT ANG MGA SUMUSUNOD NA TUNTUNIN AT KONDISYON (ANG “MGA TUNTUNIN”). BINUBUO NG MGA TUNTUNIN NA ITO ANG ISANG LEGAL AT NAIPAPATUPAD NA KONTRATA SA PAGITAN NG SYMANTEC CORPORATION AT MGA KANIB NITO (“SYMANTEC”) AT SA IYO PARA SA PAGGAMIT SA SERBISYO. BINIBIGYAN KA NG SERBISYO NG 24/7 NA ACCESS SA MGA HAND-ON NA EKSPERTO NG SYMANTEC SA NORTONLIVE. ANG “IKAW” O “IYO” AY TUMUTUKOY SA INDIBIDWAL NA GUMAGAMIT SA MGA SERBISYO. ANG PATAKARAN AT MATERYALES NA PARTIKULAR NA TINUKOY SA MGA TUNTUNIN AY ISINAMA SA MGA TUNTUNIN SA PAMAMAGITAN NG PAGBANGGIT. BAGO KA MAG-CLICK SA BUTTON NA “TINATANGGAP KO” O “SUMANG-AYON”, O KAYA’Y MAGPAHIWATIG NG PAG-AYON SA PAMAMAGITAN NG PATULOY NA PAGGAMIT SA MGA SERBISYO, PAKIBASA NANG MABUTI ANG MGA TUNTUNIN SA IBABA.

KUNG HINDI KA SANG-AYON SA MGA TUNTUNIN, SA GAYON AY HINDI HANDANG IBIGAY NG SYMANTEC ANG MGA SERBISYO SA IYO. SA GANITONG KASO, DAPAT MONG: (A) I-CLICK ANG “KANSELAHIN” O IBA PANG KATULAD NA BUTTON, O KAYA AY MAGPAHIWATIG NG PAGTANGGI; AT (B) HUWAG NANG GAMITIN ANG MGA SERBISYO AT MAKIPAG-UGNAYAN SA SERBISYO SA CUSTOMER NG SYMANTEC GAMIT ANG MGA DETALYE SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA NAAANGKOP NA KASUNDUAN SA LISENSIYA.

### **IMPORTANTENG ABISO – LIMITADONG PANAHON NG PAGTUBOS AT MGA KARAPATAN SA REFUND:**

- KUNG NAKUHA MO ANG MGA SERBISYO SA PAMAMAGITAN NG ONLINE NA PAGBILI SA NORTON.COM, SA GAYON ANG KARAPATAN NA GAMITIN ANG MGA SERBISYO AY MAGSISIMULA SA PETA SA NANG BINILI MO ANG SUBSCRIPTION SA NORTON NA NAGLALAMAN NG SERBISYO AT MAGTATAGAL SA PANAHONG ITINAKDA SA DOKUMENTASYON NG NABILING SUBSCRIPTION SA NORTON.
- KUNG NAKUHA MO ANG MGA SERBISYO SA PAMAMAGITAN NG PAG-ENROLL MO SA NORTON AUTOMATIC RENEWAL SERVICE, SA GAYON ANG KARAPATAN NA GAMITIN ANG MGA SERBISYO AY MAGSISIMULA SA PETA SA NG PAG-ENROLL MO AT TATAGAL SA PANAHONG ITINAKDA NG NAUNA MONG SUBSCRIPTION SA NORTON O HANGGANG SA IKANSELA MO ANG PAGKAKA-ENROLL MO SA NORTON AUTOMATIC RENEWAL SERVICE, ALINMAN ANG MAUNANG MANGYAYARI.

**TANDAAN: HINDI PINAHIHINTULOT NG ILANG ESTADO AT HURISDIKSIYON ANG LIMITASYON SA MGA KARAPATAN SA REFUND GAYA NG INILARAWAN SA SUGNAY NA ITO KAYA MAAARING HINDI NALALAPAT ANG SUGNAY NA ITO SA IYO. DAGDAG PA, HINDI NAAPEKTUHAN NG SUGNAY NA ITO ANG ANUMANG IBA PANG UMIIRAL NA KARAPATAN SA REFUND. SA PAG-CLICK SA BUTTON NA “TINATANGGAP KO” O “SUMASANG-AYON AKO”, O SA PAGGAMIT MO SA MGA SERBISYO, IPINAPALAGAY NA TINANGGAP AT PUMAYAG KA NA MATALI SA MGA TUNTUNIN.**

### **Pangakong Proteksyon sa Virus ng Norton**

Ang Pangakong Proteksyon sa Virus ay may serbisyo sa pag-aalis ng virus mula sa isang eksperto ng Norton at may kasamang mga nagpapakwalipikang subscription sa Norton: Norton Security (Standard, Deluxe, o Premium), Norton Small Business, Norton Internet Security, Norton AntiVirus, Norton 360 at Norton 360 Multi-Device. Sa di-karaniwang pangyayari na hindi namin maalis ang virus mula sa iyong device, maaaring karapat-dapat ka sa refund ng subscription sa Norton o Norton bundle (kung mailalapat). Upang maging karapat-dapat para sa refund, nalalapat ang mga sumusunod na tuntunin at kondisyon:

- (a) Maliban kung isa kang subscriber ng Norton Small Business, dapat kang bumili, mag-renew, o mag-upgrade ng nagpapakwalipikang subscription mo sa Norton nang direkta mula sa Norton.com, o mag-subscribe sa Norton Automatic Renewal Service gamit ang nagpapakwalipikang subscription mo sa Norton;

- (b) Ang refund mo ay magiging buong refund batay sa aktuwal na presyo ng kasalukuyang subscription mo sa Norton. Kung binili mo ang Norton bundle (inilarawan na mga Norton subscription at/o mga serbisyo ng Norton), ibabatay ang iyong refund sa aktuwal na presyong binayaran para sa term ng kasalukuyang Norton bundle mo. O, kung ang naka-bundle na pagbili mo ay may kasamang subscription sa Norton na may kasamang subscription/produkto na hindi mula sa Norton, magiging limitado ang refund mo sa Manufacturer's Suggested Retail Price (MSRP) ng subscription mo sa Norton para sa kasalukuyang term, na hindi hihigit sa kabuuang presyong ibinayad para sa bundle na iyon. Ang refund ay magiging net ng anumang diskuwento o refund na natanggap menos ang shipping, handling at anumang umiiral na buwis, maliban sa ilang estado at bansa kung saan ang shipping, handling at mga buwis ay maaaring i-refund;
- (c) Kung binili mo ang subscription sa Norton mula sa isang retailer, kailangan ang katibayan ng pagbili;
- (d) Hindi mananagot ang Symantec para sa, at HINDI nalalapat ang refund sa anumang kawalan o (mga) pagkasira na natamo bilang resulta ng mga virus; at
- (e) Maaaring limitahan o baguhin ng umiiral na batas o (mga) regulasyon ng bansa kung saan isasagawa ang serbisyo sa pag-aalis ng virus ang availability o saklaw ng Pangakong Proteksyon sa Virus.

## 1. Mga Serbisyo

### 1.1. Pangkalahatang-ideya ng Serbisyo

(1) Panimula. Ibibigay ng Symantec ang Mga Serbisyo ayon sa itinakda sa Mga Tuntunin at sa natatanging batayan na ang paggamit mo sa Mga Serbisyo ay hindi komersiyal. Tatangkain ng service representative ng Symantec na ibigay sa Iyo ang Mga Serbisyo sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng sesyon sa live chat sa Iyong device o sa pamamagitan ng email. Upang mai-optimize ang Mga Serbisyo, at para lamang sa abot ng pinahihintulot ng umiiral na batas, maaaring gawin ng Symantec, sa desisyon nito, na baguhin ang mga tampok o paglalarawan sa Mga Serbisyo sa pana-panahon; gayunpaman ay wala itong nakasasamang epekto sa kalidad ng anumang partikular na Mga serbisyo na hayagan nang sinang-ayunan ng Symantec na ibigay sa Iyo.

(2) Support Software Tool at Remote Access. Sa isang sesyon ng Mga Serbisyo, maaaring gawin ng Symantec na (i) hilingin sa Iyo na i-install ang ilang pangsuportang software sa Iyong device sa pamamagitan ng pag-download sa pangsuportang software mula sa Site at/o (ii) hingin ang pahintulot mo na gamitin ang remote assist tool sa pamamagitan ng service representative ng Symantec para bigyan-kakayahan ang Symantec na ma-access nang remote at kontrolin ang Iyong device; at/o (iii) gumamit ng ilang third party na pangsuportang software sa Iyong device, na aalisin pagkatapos ng sesyon sa Mga Serbisyo. Ang pangsuportang software (kabilang ang anumang third party na pangsuportang software) at remote assist tool ay pag-aari ng Symantec o ng mga umiiral na third party licensor at supplier at maaaring pinagsama-samang tatawagin na "Support Software Tool" sa Mga Tuntunin. Gagamitin ang Support Software Tool para analisahin, tukuyin, resolbahin ang mas mahihirap na problema at/o magbigay ng mga function na pag-optimize sa system. Maaari mo lang gamitin ang Support Software Tool bilang bahagi ng paggamit mo sa Serbisyo at wala nang iba pang layunin. Sa pagpili na makatanggap ng suporta, Ikaw ay sumasang-ayon na payagan ang Symantec na gamitin ang anumang Support Software Tool na maituturing na kinakailangan para kumpunihin ang Iyong device, kabilang ang remote na pag-access. Iyong nauunawaan na kung gagamitin ang remote na pag-access sa Iyong device, walang maiiwang software mula sa sesyon ng Mga Serbisyo; subalit, maaaring mayroong ulat na malilikha na xml o flash. Nauunawaan mo rin na kung pipiliin mong i-install ang Support Software Tool sa Iyong device, sa pamamagitan ng pag-download sa the Support Software Tool, Ikaw ay sumasang-ayon na gamitin ang Support Software Tool alinsunod sa Kasunduan sa Paggamit ng Symantec Support Software Tool na matatagpuan sa [ftp://ftp.symantec.com/public/english\\_us\\_canada/premium\\_services/Support\\_Tool\\_EULA.pdf](ftp://ftp.symantec.com/public/english_us_canada/premium_services/Support_Tool_EULA.pdf) ("Kasunduan sa Paggamit ng Support Software Tool"). Sa ganitong kaso, ihihinto mo ang paggamit sa Support Software Tool at aalisin ito mula sa Iyong device sa pagwawakas ng sesyon ng Mga Serbisyo.

Maaaring gawin ng Symantec, ngunit hindi ito obligadong gawin, na manmanan at i-record ang mga sesyon ng Mga Serbisyo, kabilang ang mga tawag sa telepono at mga online na sesyon para sa mga layuning pagpapahusay sa serbisyo sa customer, internal na pagsasanay at internal na pananaliksik sa merkado. Ipinagkakaloob mo dito sa Symantec ang pahintulot na manmanan at i-record ang Mga Serbisyo at gamitin o isiwalat ang anumang impormasyon kung kinakailangan o naaangkop para masapatan ang anumang batas, regulasyon o iba pang

hiling ng gobyerno; na ibigay ang Mga Serbisyo sa iyo o sa iba pang user at pahasayin ang uri ng Mga Serbisyo na maaaring ibigay ng Symantec sa Iyo sa hinaharap. Maaari mo rin ipagkaloob ang pahintulot sa Symantec na pagsamahin ang impormasyon mo sa impormasyon ng iba pa sa paraang hindi ka natutukoy o sinumang indibidwal nang personal para mapahasay ang Mga Serbisyo, para sa pagsasanay, para sa mga layuning pang-marketing at pang-promo, at para sa iba pang layuning pangnegosyo.

(3) Paglalarawan ng Mga Serbisyo, Mga Minimum na Kinakailangan. Maaaring hindi matanggap ng ilang device ang mga Serbisyo kahit na ipinakita ng unang pagsusuri na kuwalipikado ang Iyong koneksiyon o naaangkop ang environment ng device mo. Para matanggap ang Mga Serbisyo, kailangan ng high speed na koneksiyon sa internet. Ibigay ng Symantec ang Serbisyo sa Iyo kung nasasapatan ang sumusunod na minimum na kailangan sa system:

Windows XP 32-Bit (Service Pack 3 o mas bago) Professional, Home Edition o Media Center 2005

- 500 MHz CPU
- 512 MB RAM
- 500 MB na bakanteng espasyo sa hard drive
- Super VGA (800 x 600) o mas mataas na resolution (video adapter)
- Kailangan mong mag-log in bilang administrator

Windows Vista 32-bit o 64-bit (lahat ng Service Pack) Home Basic, Home Premium, Business o Ultimate

- 1 GHz CPU
- 512 MB RAM ang kinakailangan (1 GB ang inirerekomenda)
- 500 MB (32-bit) or 850 MB (64-bit) na bakanteng espasyo sa hard drive
- Super VGA (800 x 600) o mas mataas na resolution (video adapter)
- Kailangan mong mag-log in bilang administrator

Windows 7 32-bit o 64-bit (lahat ng Service Pack) Home Basic, Home Premium, Business o Ultimate

- 1 GHz CPU
- 512 MB RAM ang kinakailangan (1 GB ang inirerekomenda)
- 500 MB (32-bit) or 850 MB (64-bit) na bakanteng espasyo sa hard drive
- Super VGA (800 x 600) o mas mataas na resolution (video adapter)
- Kailangan mong mag-log in bilang administrator

Windows 8 32-bit (lahat ng Service Packs) Home Basic, Home Premium, Business o Ultimate

- 1 GHz CPU
- 512 MB RAM ang kinakailangan (1 GB ang inirerekomenda)
- 500 MB (32-bit) or 850 MB (64-bit) na bakanteng espasyo sa hard drive
- Super VGA (800 x 600) o mas mataas na resolution (video adapter)
- Kailangan mong mag-log in bilang administrator

Windows 10 (lahat ng Service Pack) Home o Pro

- 1 GHz CPU o mas mabilis
- 1 GB (32-bit) o 2GB (64-bit)
- 16 GB (32-bit) or 20 GB (64-bit) na bakanteng espasyo sa hard drive
- Microsoft DirectX 9 graphics device na may WDDM 1.0 driver
- 800x600 resolution na akmalang display
- Kailangan mong mag-log in bilang administrator

Mga kailangan sa Mac®

- Mac OS X 10.5, 10.7, 10.8, at 10.9
- Hindi bababa sa 256 MB na RAM

- Dapat ay may pang-administrator na access ang customer sa Mac
- Makakonekta dapat ang Mac sa Internet

Android™

- OS bersyon 2.3 o mas bago (naka-install dapat ang Google™ Play app)

iOS®

- OS bersyon 6 o mas bago

## 1.2. Makatuwirang Pagsisikap sa Komersiyo.

(i) Bagama't gagawin ng Symantec ang lahat ng makatuwirang pagsisikap sa komersiyo upang maisagawa ang Mga Serbisyo, nauunawaan at sinasang-ayunan Mo at ng Symantec na hindi lahat ng virus ay maaaring maalis sa pamamagitan ng Mga Serbisyo, at hindi ginagarantiya ng Symantec na maaalis nito ang lahat ng virus mula sa Iyong (mga) device.

(ii) Sa pagbibigay ng Mga Serbisyo, maaaring malaman ng Symantec na ang teknikal na problema ay lampas sa saklaw ng Mga Serbisyo. Maaaring gumamit ang Symantec ng mga paraang komersiyal na makatuwiran para Ikaw ay i-refer sa mga naangkop na alternatibong mapagkukunan; subalit, hindi ka direktang ililipat ng Symantec sa alternatibong mapagkukunan. Sa abot ng pinapahintulutan ng umiiral na batas, pinanghahawakan ng Symantec ang karapatan na tanggihan, isuspindi o i-terminate ang alinman sa Mga Serbisyo sa sarili nitong kapasyahan.

## 2. **Ang Iyong Mga Responsibilidad**

2.1. Mga Pangunahing Responsibilidad. Sumasang-ayon ka na ikaw ay isang legal na may-hawak ng lisensiya ng software sa Iyong device at ang paggamit mo sa internet ay sarili mong kapasyahan. Sa pagpiling matanggap ang Mga Serbisyo, knukumpirma mo na Ikaw ay (a) may ganap na access sa Iyong hardware at software na siyang batayan ng problema, at (b) nagsagawa ng back-up sa isang hiwalay na media ng anumang software o data na nasa hardware na maaaring maapektuhan ng Mga Serbisyo. Ang lahat ng impormasyon na Iyong ibibigay sa Symantec ay dapat na buo, kabilang ang pangalan at address mo, at kung magagamit, anumang credit o charge card number, mga expiration date o anumang iba pang impormasyon sa pagbabayad na ibinigay sa iyo ng Symantec. Bukod pa rito, isinasaad mong pinapahintulutan mo ang Symantec na singilin ang credit card o debit card (alinpaman ang ginagamit) na ibibigay Mo sa Symantec, para sa anumang pinapahintulutan mong pagsingil.

2.2. Pagpapalaya mula sa Pananagutan. Sa abot ng pinapahintulutan ng umiiral na batas, walang magiging pananagutan ang Symantec para sa pagkawala o pag-recover sa data, mga program, o pagkawala ng (mga) systems o mga networks na magbubuhay sa Mga Serbisyo o anumang kilos o pagtanggap, kabilang ang pagpapabaya, ng Symantec at/o ng mga kinatawan nito. Kung makipagtulungan ang Symantec sa iyo sa anumang password o iba pang problemang kaugnay ng kontrol sa pag-access, mariing inirerekomenda ng Symantec na Iyong i-reset agad ang (mga) naturang password pagkatapos ng Mga Serbisyo.

2.3. Walang Paglipat. Hindi naililipat ang Mga Serbisyo. Hindi mo maaaring gamitin ang Mga Serbisyo kaugnay ng isang service bureau o anumang iba pang kasunduan sa pamamahagi, o sa ngalan ng sinumang third party o kaugnay ng anumang hardware o software na hindi mo personal na pag-aari.

## 3. **Privacy; Pagprotekta ng Data**

Kapag bumisita Ka sa Site, mailalapat ang Patakaran sa Privacy na lilitaw sa Site ng Symantec na makukuha para repasuhin gamit ang link na "Patakaran sa Privacy".

Kapag hiniling mo ang Mga Serbisyo, kokolektahin ang sumusunod na impormasyon mula sa Iyong device Papunta sa Symantec gamit ang



koneksiyon sa Internet:

- Ang impormasyon na mula sa Iyo na ibinigay sa kinatawan sa serbisyo ng Symantec sa telepono o ipinasok  
Mo sa online interface ng Symantec kapag hinihingi ang Mga Serbisyo; at
- Ang uri at bersyon ng operating system at Internet browser na ginagamit ng Iyong Device.

Sa panahon ng sesyon mo sa Mga Serbisyo, kung may Support Software Tool na i-install, maaaring kunin ang sumusunod na impormasyon ng Support Software Tool at ipapadala sa Symantec gamit ang secured na koneksiyon:

- Ang bilang ng mga file na nai-scan, natagpuang banta, at naayos na banta ng Support Software Tool;
- Mga uri ng nakitang banta;
- Ang bilang at uri ng mga natitira pang banta na hindi pa naayos ng Support Software Tool;
- Kung aktibo o hindi ang isang firewall;
- Kung naka-install ang antivirus software, gumagana, at up-to-date;
- Impormasyon ng browser kabilang ang mga setting sa seguridad at temporary file;
- Impormasyon ng system kaugnay ng operating system, memory at espasyo sa disk, kumpigurasyon ng proxy, at mga directory listing para sa Support Software Tool;
- Ang status ng seguridad (good/fair/poor) ng device ayon sa pagkakatukoy ng Support Software Tool;
- Mga naka-install na program at impormasyon sa mga aktibong process; at
- Impormasyon ng application log file at registry data.

Ang lahat ng nakolektang impormasyon ayon sa itinakda sa itaas ay kailangan para sa layunin ng paghatid sa Mga Serbisyo kabilang ang pag-analisa, pagtutukoy, pagresolba sa problemang dinanas Mo, at pag-optimize sa function ng mga produkto at serbisyo ng Symantec. Maaaring ilipat ang impormasyon sa Symantec group sa Estados Unidos o sa iba pang bansang may mga batas sa pagprotekta ng data na hindi kasinghigpit ng mga batas sa Iyong rehiyon (kabilang ang European Union), ngunit nagsagawa ang Symantec ng mga hakbang upang makatanggap ang nakolektang impormasyon, kung ililipat, ng sapat na proteksyon.

Maaaring isiwalat ng Symantec ang nakolektang impormasyon kung hihilingin ito rito ng alagad na nagpapatupad ng batas na hinihingi o pinahihintulutan ng batas o bilang tugon sa isang subpoena o iba pang legal na proseso. Upang magsulong ng kaalaman, pagtukoy at pag-iwas sa mga panganib sa seguridad ng Internet, maaaring magbahagi ang Symantec ng ilang impormasyon sa mga organisasyon ng pananaliksik at iba pang mga security software vendor. Maaari ding gamitin ng Symantec ang mga istatistika mula sa impormasyon upang masubaybayan at mailathala ang mga ulat sa mga nauusong panganib sa seguridad.

Matatagpuan ang buong detalye ng patakaran sa privacy ng Symantec dito:

<https://www.symantec.com/privacy>

#### **4. Iba Pang Importanteng Impormasyon**

4.1. Paunawa sa Warranty. SA ABOT NG PINAPAHINTULUTAN NG UMIIRAL NA BATAS AT LIBAN SA WARRANTY NA NASA SEKSIYON 1.2 SA ITAAS, HAYAGANG TINATALIKDAN NG SYMANTEC ANG LAHAT NG IBA PANG DEKLARASYON, KONDISYON AT ANUMANG URI NG WARRANTY, INIHAYAG O IPINAHIWATIG, KABILANG NA'T HINDI LIMITADO SA SANUMANG WARRANTY NG PAGKAMABEBENTA, PAGKA-AKMA PARA SA PARTIKULAR NA LAYUNIN O KAWALANG-PAGLABAG SA MGA KARAPATAN SA INTELEKTUWAL NA PAG-AARI. SA ABOT NG PINAPAHINTULUTAN NG UMIIRAL NA BATAS, DAGDAG PANG HINDI GINAGARANTIYA NG SYMANTEC NA: (I) MASASAPATAN NG MGA SERBIYSO AT/O SITE ANG



MGA PANGANGAILANGAN MO; (II) HINDI MAAANTALA, NASA ORAS, SECURE, O WALANG ERROR ANG MGA SERBISYO AT/O SITE; (III) MAGIGING TUMPAK O MAAASAHAN ANG MGA RESULTA NA MAKUKUHA MULA SA PAGGAMIT NG MGA SERBISYO AT/O SITE; (IV) MASASAPATAN NG KALIDAD NG ANUMANG SERBISYO, SUBSCRIPTION, PRODUKTO, O IMPORMASYON NA NABILI O NAKUHA MO SA PAMAMAGITAN NG MGA SERBISYO AT/O SITE ANG INAASAHAN MO; (V) MAIWAWASTO ANG ANUMANG ERROR SA MGA SERBISYO AT/O SITE; (VI) MATATANGGAL ANG LAHAT NG VIRUS SA PAMAMAGITAN NG MGA SERBISYO; O (VII) KAUGNAY NG PAGBABAYAD NG REFUND, MASASAPATAN NG KAAGAPAN NG NATURANG PAGBABAYAD ANG INAASAHAN MO. ANUMANG SUPPORT SOFTWARE TOOL, MATERYAL AT/O DATA NA NAI-DOWNLOAD O KAYA'Y NAKUHA MO SA PAMAMAGITAN NG PAGGAMIT SA MGA SERBISYO AY NASA SARILI MONG DESISYON AT KAPAHAMAKAN. ANG SUPPORT SOFTWARE TOOL AY IBINIBIGAY NANG "AS IS," NA WALANG ANUMANG WARRANTY AT IBINIBIGAY ALINSUNOD SA KASUNDUAN SA PAGGAMIT NG SUPPORT SOFTWARE TOOL. HINDI GINAGARANTIYA NG SYMANTEC ANG MGA PRODUKTONG THIRD PARTY.

4.2. Limitasyon ng Pananagutan. HINDI PINAPAYAGAN NG ILANG ESTADO AT HURISDIKSYON KABILANG ANG MGA MIYEMBRONG BANSA NG EUROPEAN ECONOMIC AREA, ANG PAGLALAGAY NG LIMITASYON O DI-PAGKAKABILANG SA PANANAGUTAN PARA SA NAGKATAON O KINAHINATNAN NA PINSALA KAYA MAAARING HINDI NALALAPAT SA IYO ANG LIMITASYON O DI-PAGKAKABILANG NA NASA IBABA.

SA ABOT NG PINAPAHINTULUTAN NG UMIIRAL NA BATAS AT HINDI ALINTANA KUNG MABIGO ANG ANUMANG REMEDYO ANG ITINAKDA DITO O PANGUNAHING LAYUNIN NITO, WALANG PAGKAKATAON NA MANANAGOT ANG SYMANTEC SA IYO PARA SA (A) ANUMANG NAWALANG KINITA O NAWALANG DATA NA MAGMUMULA SA PAGGAMIT NG PROBISYON SA MGA SERBISYO, (B) ANUMANG KAWALAN NG KAKAYAHANG MAGAMIT O KAWALAN NG AVAILABILITY NG MGA DEVICE SA PAG-COMPUTE, MGA MENSAHENG BIGONG IPADALA O MGA ERROR SA PAGPAPADALA NA MAGMUMULA SA PAGGAMIT SA O KAWALANG-KAKAYAHAN NA GAMITN ANG MGA SERBISYO, O (C) ANUMANG ESPESYAL NA KINAHINATNAN, HINDI DIREKTA O KATULAD NA (MGA) KAWALAN O PAGKASIRA, KAHIT NA PINAYUHAN ANG SYMANTEC TUNGKOL SA POSIBILIDAD NG NATURANG (MGA) PAGKALUGI O PINSALA. HINDI KAILANMAN HIHIGIT ANG PANANAGUTAN NG SYMANTEC SA PRESYO NA IBINAYAD MO PARA SA MGA SERBISYO O SA LIMAMPUNG DOLYAR (U.S. \$50.00) O KATUMBAS NA HALAGA SA NAAANGKOP NA CURRENCY.

4.3. Mga Karapatan ng Kompanya. Nananatili sa Symantec ang pag-aari sa lahat ng karapatan ng kompanya sa Mga Serbisyo, sa Site, sa Support Software Tool, at lahat ng pangalan ng kalakal, tatak-pangkalakal at serbisyonang kaugnay o ipinapakita kasama ng Mga Serbisyo. Hindi mo aalisin, sisirain o haharangan ang alinman sa mga copyright o abiso sa tatak-pangkalakal ng Symantec at/o mga sanggunian o iba pang abiso ng pag-aari ng kompanya sa, nakasama sa loob, o kaugnay ng Mga Serbisyo. Hindi mo maaaring i-reverse engineer, i-reverse compile o kaya'y ibaba sa antas na nababasa ng tao ang anumang Support Software Tool na kasama ng Mga Serbisyo.

4.4. Force Majeure. Sa abot ng pinahihintulot ng umiiral na batas, hindi mananagot ang Symantec para sa anumang kabiguan sa paggana dahil sa mga sitwasyong hindi inasahan o sa mga dahilang wala sa makatuwirang kontrol ng Symantec, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga gawa ng Diyos, digmaan (maging deklarado o hindi), riot, mga embargo, mga gawa ng mga awtoridad sa pamahalaan o militar, terorismo o banta ng terorismo, sunog, baha, aksidente, welga, lockout, kabiguan ng pampubliko o pribadong network at imprastraktura sa telekomunikasyon, o kakulangan ng transportasyon, pasilidad, krudo, enerhiya, labor o materyales. Sa pangyayaring may naturang antala, maaaring ipagpaliban ang Symantec sa naturang paggana sa pangyayaring maatrasado o mapigilan ito ng naturang dahilan.

4.5. Regulasyon sa Pag-export. Tinatanggap mo na ang Mga Serbisyo, Support Software Tool at nauugnay na teknikal na data at mga serbisyo (pinag-isang "Kontroladong Teknolohiya") ay maaaring mapailalim sa mga batas ng pag-import at pag-export ng Estados Unidos, partikular na sa U.S. Export Administration Regulations (EAR), at sa mga batas ng anumang bansa kung saan ang ini-import o muling ine-export ang Kontroladong Teknolohiya. Sumasang-ayon kang sumunod sa lahat ng nauugnay na batas at hindi mag-e-export ng anumang Kontroladong Teknolohiya na salungat sa batas ng U.S. law at sa anumang pinagbabawal na bansa, entidad o tao kung saan kakailanganin ang lisensiya sa pag-export o iba pang mga pag-apruba ng pamahalaan. Ipinagbabawal ang pag-export at muling pag-export sa lahat ng subscription ng Norton sa Cuba, North Korea, Iran, Syria at Sudan at sa anumang bansang napapailaim sa mga nauugnay na parusa sa kalakalan. Sumasang-ayon ka ngayon na hindi Mo ie-export o ibebenta ang anumang Kontroladong Teknolohiya para gamitin kaugnay ng mga kemikal,

biological, o nuclear na armas, o mga missile, drone o space launch vehicle na may kakayahang maghatid ng naturang armas.

## 5.

### **Pangkalah atan**

A. Namamahalang Batas. Mapapailalim ang Mga Tuntunin sa mga batas ng England at Wales. Walang anuman sa mga Tuntunin na ito ang magtatanggal ng anumang karapatang mayroon Ka sa bisa ng umiiral na batas sa pagprotekta ng mamimili o iba pang mga naaangkop na batas sa lyong hurisdiksiyon na hindi maaaring talikdan ng kontrata.

B. Buong Kasunduan. Ang Mga Tuntunin ay ang buong kasunduan sa pagitan Mo at ng Symantec kaugnay ng Mga Serbisyo

at: (i) mangingibabaw ito sa lahat ng nauna o mga sumunod na binigkas o nasusulat na pag-uusap, panukala at paghahayag kaugnay ng paksang ito; at (ii) mananaig ito sa anumang magkasalungat o karagdagang tuntunin ng anumang binigkas, kautusan, pagkilala o katulad na pag-uusap sa pagitan ng mga partido. Magte-terminate agad ang Mga Tuntunin sa paglabag mo sa Mga Tuntunin, kabilang na ngunit hindi limitado sa: paglabag sa mga Pangunahing Tungkulin mo, kabilang ang mga obligasyon sa pagbabayad at hindi paglipat, sa bisa ng Seksiyon 2.1 o 2.3 dito, at/o paglabag sa mga karapatan ng kompanya ng Symantec, o umiiral na mga batas sa pag-import at pag-export sa ilalim ng mga Seksiyon 4.3 o 4.5 dito, at agad ka rin na hihinto sa paggamit sa Mga Serbisyo. Ang mga paunawa sa mga warranty at pinsala at limitasyon sa pananagutan na nakasaad sa Mga Tuntunin ay mananatili pa rin pagkatapos ng pag-terminate. Kung mayroon Kang anumang tanong tungkol sa Mga Tuntunin, o kung gusto Mong makipag-ugnayan sa Symantec para sa anumang dahilan, mangyaring sumulat sa (i) Symantec Customer Support, PO Box 5689, Dublin 15, Ireland. bisitahin ang page ng suporta para sa lyong bansa o rehiyon sa <https://www.symantec.com/globalsites/>. Hindi magfa-file ang Symantec ng kopya ng Mga Tuntunin.

IE VPP Terms/estore ACQ 6.0.2